

Prologue



Dahan-dahang hinubaran ni Joss ang lasing na si Monjover. Hindi na niya alintana ang bigat nito dahil ang importante ay ang magawa niya nang maayos ang misyon niyang pikutin ang lalaki para mapakasalan siya nito.

Oo, desperada na kung desperada! But she badly wanted Monjover in her life. Tawagin na siya ng kung anu-anong mga salitang naglalarawan sa baliw, wala siyang pakialam. Gusto niyang makapaghiganti sa ginawa ng lalaki noong kolehiyo pa lang sila. At magagawa niya ang bagay na iyon kapag na-corner niya ito at napapayag na pakasalan siya.

Iniangat niya ang dalawang mabibigat na braso ng binata para tuluyang mahubad ang T-shirt nito.

“Ang bigat!” angal ni Joss.

Pagkatapos, sinunod naman niyang punteryahin ang suot nitong pantalon. Alam niyang mas mahihirapan siya pero hindi naman puwedeng sumuko siya. Ngayon pa ba? Tatlong taon din

mahigit niyang plinano ang ginagawa niya ngayon, at sa isang iglap lang ay susuko siya?

“Never give up!” bulong ng dalaga, sinimulan nang buksan ang zipper ng pantalon ng lalaki at dahan-dahan iyong ibinababa. Nang matapos iyon, akala niya hayahay na, pero...

“Nak ng putakte naman, oh!” mahina niyang usal. “Ano ba naman at ang dami palang salawal ng taong ’to,” angal ni Joss nang makita ang shorts nitong hanggang tuhod at may boxers pa sa loob, saka niya pa lang nakapa ang briefs!

Napapagod na talaga siyang hubaran pa ang binata. Napagod na nga siya sa ginawa niyang paghila dito paakyat dito.

Umalis ka na kung hindi mo kaya ang ginagawa mo! galit na anang sarili niyang utak.

Kailangan niyang tapusin ang nasimulan niya. Kailangang mahubaran ito nang bongga para effective at believable ang pagsisinungaling niya. Naiinis man ay wala siyang pagpipilian. Ginusto ito ni Joss at wala siyang balak umatras!

Dahan-dahan at hirap na hirap niyang inisa-isang tanggalin ang shorts nito, saka isinunod ang boxers kasama ang briefs.

“What are you doing?” Biglang nagising ang

biktima ni Joss. Hindi ito puwedeng magising dahil masisira ang plano niya.

Naku, patay na! mahina niyang usal. Mukhang palpak yata ang nabili niyang pampatulog sa Quiapo.

Sinungaling ang tinderang napagbilhan niya. Ang sabi nito, beinte cuatro oras makakatulog ang taong iinom ng gamot na iyon at may isinama pa itong gayuma daw kuno. Package daw kasi ang dalawang iyon para sa mga sawi sa pag-ibig. Gusto niyang mainsulto sa sinabi ng tintera kanina, pero hindi siya naniwalang totoo ang gayuma na sinasabi nito kaya tinawanan na lang niya ito.

Pero ang pampatulog! Iyon ang importante at mukhang papalpak pa yata.

“Don’t tell me, peke din ito?” kausap ni Joss sa sarili. Natataranta na ang buo niyang pagkatao! Hindi na niya alam kung ano ang una niyang gagawin.

Napatingin siya sa may pintuan ng motel. Lumabas na lang kaya siya doon at magkukunwaring walang nangyari?

Buwisit ang matandang iyon. Babalikan niya ang tintera na pinagbilhan niya at pagagalitan ito saka manghihingi siya ng refund! Ang laki na ng nagastos niya pagkatapos, ito lang ang mangyayari? Nag-

check-in pa naman siya nang good for two days sa motel na iyon para mapagtagumpayan ang planong matagal na niyang pinag-isipan. Tapos, magigising agad si Monjover?

“Who are you, what are you doing?” Medyo paos ng boses ng lalaki.

Hindi niya alam ang isasagot. Natataranta na siya, hindi na niya alam kung alin pa ang uunahin; tatakbo ba palabas o magtatago sa banyo?

Pinag-iisipan pa ng dalaga kung ano ang gagawin nang biglang abutin ni Monjover ang mukha niya. Muntik na siyang mapasigaw sa sobrang gulat, akala niya kung ano na ang gagawin nito sa kanya. Nanigas ang kanyang mga kalamnan nang haplusin nito ang pisngi niya.

“Don’t leave me, Yam. I need you here, please don’t go.” Lintik na! Napagkamalan pa siyang ibang babae ng tukmol na ito. Maiinis na sana siya pero bigla niyang naalala ang sitwasyon nilang dalawa ngayon. Ayos na din sigurong napagkamalan siya nitong ibang babae kaya sinakyan na lang niya ang pagkakataon.

“Don’t leave me. Hindi ko kaya kapag nawala ka. Mahal na mahal kita, Yam,” patuloy nitong sambit habang ilang distansya na lang ang layo ng

mga mukha nila. Nakaramdam siya ng inggit sa tinatawag nitong Yam. Sino kaya ang babaeng iyon, ang suwerte dahil mahal na mahal ito ng lalaking mahal na mahal niya.

Sa kakaisip kung sino ang babaeng tinatawag nito, hindi namalayan dalaga na lumalapit na pala ang labi ni Monjover sa mga labi niya. Nawala sa isip ni Joss ang kinasasadlakan niya nang oras na iyon. Nanigas ang buo niyang katawan nang maramdaman ang labi ng lalaki sa kanya. Iyon ang unang beses niyang nakatikim ng isang totoong halik kaya hindi niya alam kung paano tumugon. Masarap ang ginagawa nito, masarap ang lasa ng alak na nalalasaan niya sa mga labi nito. Tinutugon niya ang bawat galaw niyon.

Ito ba ang epekto ng gayumang binigay sa kanya ng matanda? Kung ito nga, babalikan niya ito at pasasalamatan nang bonggang-bongga. Nawala na ang inis niya kanina dito at hindi na niya itutuloy ang pagpapa-refund, instead bibigyan niya pa ito ng tip!

Tinangka ni Joss na lumayo dahil pakiramdam niya ay mauubusan na siya ng hininga. Pero hindi ito pumayag sa halip ay hinigpitan pa lalo ang pagkakayapos sa baywang ng dalaga at mas lalo pang pinalalim ang halik na pinagsasaluhan nilang

dalawa. Napaungol si Joss sa ginagawa ng lalaki sa katawan niya. Nakikiliti siya at parang may mainit na likidong dumaloy sa ibaba ng kanyang puson. Iyon ang unang beses na naramdaman niya ang ganitong pakiramdam. Pinipilit niya itong itulak pero masyadong malakas ang lalaki at hindi niya ito kaya.

“Let’s make love, Yam,” bulong ni Monjover sa punong tainga niya dahilan para magtayuan ang kanyang mga balahibo. Konting-konti na lang at mawawala na siya sa sariling katinuan.

“P-per—” May gusto siyang isatinig pero hindi niya matukoy kung ano. Pinipilit ng isip niyang mali ang kanyang ginagawa pero kumontra naman ang katawan niya dahil ito talaga ang gusto niyang mangyari.

Oo, aminado si Joss doon, pero hindi sa ganitong paraan. Ibang babae ang tinatawag ni Monjover at hindi siya. Iba ang naiisip nito at hindi siya!

“No buts,” sambit nito. Siniil nito ulit ang kanyang mga labi at sa mga oras na iyon ay dahan-dahan nang tinupok ang konting katinuan na natitira sa kanyang utak. Sinunod niya ang sinasabi ng katawan at isinantabi ang binubulong ng isipan. Bahala na ang bukas kung anuman ang maaaring

mangyari. Ang mahalaga ngayon ay ang kanyang nararamdaman—ang masarap na ginagawa ng binata sa katawan niya.



“Aahh!” Ang malakas na sigaw na iyon ng isang malaking boses ang nagpagising kay Joss.

“What the f*ck!” mahina niyang usal. “Pucha, manahimik ka nga,” malakas niyang sigaw.

“What did you do to me!” anang lalaki mula sa gilid niya.

Ano ba naman ang mayroon sa umagang ito at may katabi siyang lalaking—

“L-lalaki!” Bigla siyang natauhan, paanong may lalaki sa kama niya? Puro lalaki ang mga kapatid niya pero hindi pa nangyaring nakapasok ang mga ito sa silid niya lalo na’t umagang-umaga. Marahas niyang naimulat ang mga mata.

“Nasaan ako?” mahina niyang sambit saka pinaikot ang paningin sa buong paligid hanggang sa makita niya ang lalaking nakatayo sa tapat ng kama. Tinatakpan nito ng unan ang ibabang bahagi ng katawan.

“J-Joss?”

“M-Monjover!”

“Aahh!” sabay nilang sigaw. Kung puwede lang

mawasak ang buong motel na iyon, baka nawasak na sa lakas ng tili nilang dalawa.

“What did you do to me?” galit na tanong ng binata sa kanya.

“A-ano’ng what did I do to you? Ikaw ang unang nanghalik sa ’kin.”

“What!?! At bakit ko naman gagawin ang bagay na ’yun? At sa ’yo pa talaga? Never kitang papatulan, Joss. Kahit maghubad ka pa sa harapan ko.”

“Hoy, gunggong,” naiinis niyang sambit. Wala sa sariling tumayo siya, nalimutang nakahubad siya at wala kahit isang saplot sa katawan.

“Cover yourself, masakit ka sa mata,” tukoy ng binata sa katawan niyang hubo’t hubad.

Agad niyang hinagip ang kumot at itinakip sa sarili.

“Hoy, Monjover Maniquis! Huwag ka ngang umakto na para bang ni-rape kita. FYI, ikaw ang may gustong may mangyari sa ’tin. May pasabi-sabi ka pang ‘no buts’ ’tapos ngayon, kung makaakto ka, parang napakalaki ng kasalanan ko sa ’yo. Hoy, excuse me! Virgin ako kagabi n’ung makuha mo, gusto mo ba ng ebidensya?”

“What!?” nanlalaki ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. “Wala ako sa sariling katinuan

kagabi at sinamantala mo naman ang kahinaan ko. 'Yung totoo, plinano mo ang lahat ng ito, ano?"

Natameme si Joss dahil totoo iyon. Pero hindi niya nasali sa plano ang pagbibigay ng buong sarili sa binata, dahil ang gusto niya ay pikutin lang ito para pakasalan siya. Kapag kasal na sila, doon niya lang ibibigay ang katawan dito at gagawin niya ang lahat ng paraan para mahalin siya nito nang buong-buo. Pero biglang naiba ang lahat dahil nakuha siya nito kagabi.

"I can see in your eyes. Tama nga akong pinlano mo ang lahat ng ito, Joss. At kung inaakala mong pakakasalan kita dahil dito, d'yan ka nagkakamali. Hinding-hindi ko pananagutan ang anumang nangyari sa 'tin kagabi. Manigas ka!" anito saka hinanap ang mga damit.

"K-kailangan mong panagutan ang nangyari sa 'tin kagabi," mahina niyang sambit.

"At bakit ko gagawin iyon? Kasalanan mo lahat. At ipaliwanag mo nga kung paano mo ako nadala sa motel na ito nang hindi ko namamalayan?"

Hindi niya alam ang isasagot.

"Di ba? Wala kang maisagot. 'Yan ang sinasabi ko, eh. Dahil matagal mo nang pinagplanuhan ang bagay na ito, di ba tama ako? Bakit, Joss?"

Hanggang ngayon ba galit ka pa din kasi ginamit lang kita noong college tayo para may tagagawa ng assignments at projects ko at lahat ng kailangan sa school, huh? Tatlong taon na ang nakalipas pero galit ka pa din sa 'kin. Ang tindi naman ng gusto mong ganti.”

Hindi siya makasagot dahil totoo lahat iyon. Akala ni Joss, jackpot na siya noon nang ligawan siya ng crush ng bayan na si Monjover Maniquis. Pero sa huli, nalaman niyang ginamit lang pala siya nito para makapasa sa kolehiyo.

“Hindi ko pananagutan ang nangyari sa 'tin, Joss. Dahil hindi kita kayang mahalin kahit kailan. Sinubukan ko noon pero hindi ko nagawa. Ano pa kaya ngayon?” anito na noon ay nakabihis na. “Ayoko nang makita ka pa.” Pagtapos, umalis na ito sa kuwartong iyon.

Naiwan siyang umiiyak, ngayon niya napatunayang hindi lahat ng plano ay maa-accomplish! Dahil ang misyon niya ay isang malaking palpak. Siya pa tuloy ang mas naging kawawa.



Ang bawat haplos ni Monjover sa kanyang katawan, ang bawat ungol sa saliw ng musikang silang dalawa lamang ang nakakarinig, bawat indayog nito sa ibabaw niya, ay nagdala ng mumunting kaligayahan at kiliti sa kaibuturan ni Joss. Kaligayahang alam niyang ilang segundo na lang ay matatapos din, kasabay ng pagputok ng pagnanasa nito, ganoon din kabilis mawawala ang kaligayahang nararanasan niya.

Tinawag siya nito kanina para gawin ang obligasyon niya rito sa kama bilang asawa, at walang reklamong nagpaubaya na naman siya. Hinahalikan lang siya ng lalaki kapag tinatawag ito ng kalibugan. Kapag ganitong nag-iinit ang katawan nito sa pagnanasa, doon lang nito naaalalang babae pala siya.

He was never gentle whenever he f*cked her, hindi ito ang tinatawag na 'make love' dahil sa kanilang dalawa, siya lang naman ang nagmamahal

at ito ay init lang naman ng katawan ang pakay sa kanya. Lagi itong nagmamadali na animo may hinahabol, ni minsan ay hindi man lang nag-abalang tanungin siya kung nagustuhan ba niya ang ginawa nito at kung nasiyahan ba siya... o kabastusan man, hindi man lang nito inabalang alamin kung nilabasan ba siya. Walang pakialam si Monjover basta ang importante ay mailabas nito ang sariling libido.

Pero kahit ganoon, hindi siya nagrereklamo kahit na ba minsan ay nabibitin siya. Kasi wala naman siyang karapatang magreklamo.

Nang mailabas ang init ng pagnanasa, agad itong gumulong sa kabilang side ng kama at tinakpan ng kumot ang ibabang parte ng katawan.

“Umalis ka na! Bumalik ka na sa kuwarto mo.” Iyong inis sa boses ni Monjover ang dahilan kaya bumangon si Joss mula sa kama nito at sinimulang pulutin isa-isa ang mga nahubad na damit.

Kani-kanina lang, ramdam na ramdam ni Joss ang mainit na pagnanasa nito sa kanya. Pero nang mailabas na ang init na iyon ay agad nanlamig ang trato ng kanyang asawa.

Dalawang taon na silang kasal mula noong gabing nilasing niya ito at dinala sa isang motel. At

heto nga sila ngayon, mag-asawa pero magkahiwalay ng tulugan at tinatabihan lang siya nito kapag nakakaramdam ng libog sa katawan. Kapag nairaos na iyon, agad siya nitong pinapaalis na para bang panira siya ng gabi o araw.

“Bilisan mo at matutulog na ako. Pakisara na lang ang pinto paglabas mo.” Tumalikod ito ng higa.

Gusto man niyang mainis, wala siyang magawa dahil alam niya kung saan patungo ang usapan kapag pumalag siya.

“O-okay,” mahina niyang sambit. Nang maisuot ang mga damit, lumabas na si Joss ng silid. Hindi niya alam kung hanggang saan aabot ang pasensya niya sa asawa at hindi niya rin alam kung hanggang kailan siya nito sasaktan. Hindi nga siya sinasaktan nang pisikal pero iyong puso niya ay sobrang sagad na sa ginagawa nitong pananakit sa damdamin niya.

Kung makapagdala ito ng babae sa bahay nila, aakalaing katulong lang siya doon. At lagi itong wala sa bahay, uuwi ito kung kailan lang nito gustong umuwi. Wala siyang karapatang magreklamo dahil kapag ginawa niya iyon, sobra-sobrang panunumbat ang ibabalik nito sa kanya.

Nang nasa tapat na si Joss ng kanyang silid ay saka lang niya inilabas ang kanina pa pinipigilang

luha. Kung may magtatanong man sa kanya kung nagsisisi siya sa ginawa niya dalawang taon na ang nakakalipas, sasagutin niya iyon agad ng malakas na 'oo'. Kung maibabalik lang ni Joss ang panahon, hindang-hindi niya gagawin ang katangahang iyon.



“Oh! At bakit nandito ka na naman, Joshua?” Ang matining na boses ng kanyang Mamay ang sumalubong sa kanya.

Napagdesisyunan niyang umuwi sa bahay nila at doon na mag-aalmusal. Masyado na siyang nalulungkot sa bahay nila ni Monjover.

Imbis na sagutin ang ina, nilampasan niya lang ito. Nami-miss niya ang maingay na kapaligiran ng bahay nila lalo na sa umaga. Alarm clock nilang lahat ang bunganga ng kanilang Mamay.

“Makikikain ako, May,” maiksi niyang sagot at agad na umupo sa sala.

“Bakit? Wala ka bang makain sa bahay n’yo?”

Natawa si Joss. Kahit ganito ang nanay nila, mahal na mahal nila ito. Dati, umagang-umaga pa lang ay nagbubunganga na ito at mukhang hindi kumpleto ang araw nito kung hindi nabubungangaan ang mga kapatid niyang puro lalaki.

Sa limang magkakapatid, siya lang ang bukod

tanging babae dahil lahat ng kapatid niya ay puro kalahi ni Adan—oy, teka muna wait! May kapatid pala siyang undecided. Iyon ang kapatid niyang pinaghalong Eba at Adan, in short isa itong *Badan*! Iyon ang Kuya Calvin niya. Ito ang pang-apat sa kanilang magkakapatid, at siyang sinundan niya. Masipag ito at ito ang kaagapay ng kanyang Mamay at Papay. Ito lang din ang nakakaintindi sa mga nararamdaman niya dahil pusong babae ito.

“May, ano’ng ulam?” anang Kuya Jake niya. Ito ang panganay sa kanila, at isang malaking palamunin kaya araw-araw na sinesermunan ng kanilang ina.

“D’yan ka magaling, Jake! Ang matulog, kumain, at tumambay. Tapos ngayon, nagtatanong ka kung ano’ng ulam? Bakit hindi ka magluto ng sarili mong pagkain, tutal wala ka namang ginagawa.”

Hindi alam ni Joss kung naiinis ba talaga ang nanay niya kaya nagbubunganga o wala lang, nakasanayan lang nitong gawin iyon.

“Babawi din ako, May,” nakangiting sambit ng kapatid niya.

“Naku! Ilang taon ko nang narinig ’yan, Jake, pero hanggang ngayon wala ka pa ding binawi.”

Napangiti siya sa sinabi ng ginang.

“May, ’andito na ’yung in-order mong crispy pata,” bungad naman ng Kuya Claire niya. Ito ang pangalawa sa kanilang magkakapatid; tunog-babae ang pangalan pero isa ring barako.

Noong nagbubuntis daw kasi ang Mamay nila, ang lumabas sa ultrasound ay isang baby girl. Kaya naman, namili na sila ng pangalan at Claire nga iyon. Pero nang lumabas ang kapatid niya, laking gulat ng kanilang mga magulang dahil imbis na hiyas, may kargada ang sanggol! Pero pinanindigan na lang ng mga ito ang nabuong pangalan ng kuya niya. Hindi ito matatawag na tambay pero hindi rin masasabing may trabaho dahil paraket-raket lang at walang balak mag-full time. Pero kahit paano ay nakakatulong naman ito sa nanay nila. Iyon nga lang, kapag walang raket, palamunin din ito tulad ng Kuya Jake niya.

“Bayaran mo muna, Claire,” sabi ng Mamay nila.

“Kulang pera ko, May.”

“Naku! Letchugas naman. Kailan ba ako makakaasa sa inyo!” naiinis nitong singhal.

“Ito na, May.” Inabot na ni Kuya John Mark a.k.a. JM ang pera sa delivery boy saka nagpasalamat.

Sa kanilang lahat, ito ang naaasahan ng pamilya. Ito ang pangatlong anak, at ang pinakasimple. Mas

maraming nanliligaw dito kesa ito ang gumagawa ng panliligaw. Ito ang uri ng lalaking pa-tweetums at napakaresponsable kaya napakasuwerte ng babaeng mamahalin ng kapatid niya. Branch manager ito sa isang sikat na fast food restaurant.

“Wow! Ano’ng meron at may pa-crispy pata si Mayora?” tanong ni Joss.

Siya ang bunso at ang unica hija. Siya ang... ewan ba. Minsan naiisip niyang baka ampon siya ng mga magulang dahil kung ang mga kuya niya ay puro pogi, siya naman ay... Ewan. Hindi lang siguro siya nagagandahan sa aura niya, pero sabi naman ni Mamay niya, maganda daw siya sa sarili niyang paraan.

She’s Joshua Madrigal, or simply ‘Joss.’ Taghirap daw noong pinagbubuntis siya kaya hindi nagawang magpadoktor ng nanay niya. Sa halip, sa manghihilot ito madalas dumalaw noon. At sinabi ng hilot na iyon, lalaki ang pinagbubuntis nito. Naniwala naman ang nanay niya kaya panlalaki ang hinandang pangalan.

Pero minsan gusto niyang mainis sa mga magulang sa ibinigay na pangalan pero wala naman ding mangyayari kahit magreklamo siya. Nasa NSO na niya ang pangalan niya at malaking gastos pa

kapag pinalitan iyon.

“Nanalo yata si Mamay sa jueteng,” imporma ng Kuya Claire niya.

“Talaga! Magkano naman, May?” tanong ni Joss sa inang abala sa nilulutong gulay.

“At bakit ko naman sasabihin? Baka mamaya manghingi pa kayo. ng balato.”

Nagtawanan silang magkakapatid.

“Damot mo, May,” angal ng dalawang kuya niyang sina Jake at Claire.

“Ang sasakit n’yo naman sa ulo!” Lalo silang nagtawanan sa sinabi ng ginang. Sa araw-araw na ginawa ng Diyos, iyon ang lagi nilang naririnig na sinasabi ng ina, na sakit silang lahat sa ulo.

“Relax ka lang, sweetie,” sabat ng Papay nilang kagagaling lang sa labas at mukhang nagsibak ng mga nakuhang kahoy dahil pawis na pawis.

“Isa ka pa!” baling ng nanay sa tatay nila. “Nagmana sa ’yo lahat ng mga anak mo.” Tuwing umaga, ganoon ang tema nila mula noon hanggang ngayong nakapag-asawa na si Joss.

“Siyempre naman, semilya ko ’yan, eh!” biro ng Papay nila na ikinatawa nilang lahat.

Tama nga ang ina na nagmana sila sa Papay nila na may sense of humor.

“Ewan ko sa inyo!” Lalo silang napahalakhak nang makitang napipikon na ang ginang. “Thanda n’yo na ang mesa at kakain na tayo.”

Agad naman gumalaw ang Kuya Jake niya. Ito ang laging naghahanda sa mesa. Masipag ito sa gawaing bahay, wala lang talagang tiyaga pagdating sa trabaho.

“Oh! Maupo na tayo, sissy. Hayaan mo na ang mga kuya mong gumawa n’yan,” aya naman sa kanya ng kanyang Kuya Calvin. Masipag itong magtrabaho kaya pagdating sa bahay ay hindi na ito masyadong gumagalaw. “Halika na, JM,” aya naman nito sa kuya niyang super bait.

“Oo nga pala, Joshua! Kumusta na si bayaw? Imbitahan mo naman ang asawa mo na bisitahin kami. Mula n’ung ikinasal kayo, hindi man lang ’yun nakatapak dito.” Bigla siyang natigilan dahil sa sinabi ni Kuya JM.

“Ahh! Abala kasi siya masyado, Kuys, kaya gan’un,” pagdadahilan niya.

“Magbigay naman siya ng oras sa pamilya ng asawa niya. Iyong huli ko kasing kita sa kanya ay n’ung kasal n’yo pa. Sobrang tagal na!” Nagtinginan sa direksyon niya ang mga kapatid.

“Hayaan mo, Kuys. Sasabihin ko.” Tabingi ang

ngiti ni Joss sa labi. Nagi-guilty siya sa kanyang pamilya.

“Huwag mong pilitin, bunso, kung ayaw. Ayos lang naman sa ’min kung ayaw niya kaming makita,” seryosong sambit ni Jake.

“H-hindi naman sa ganun, Kuys. Hayaan n’yo, kakausapin ko ang a-asawa ko.” Hindi niya alam kung bakit ang hirap bigkasin ng salitang iyon. Siguro dahil sa hindi naman ito naging asawa talaga sa kanya.

“Maayos lang ba kayo, Joshua?”

Bigla niyang nalunok ang dila sa tinanong ng ina. Kung iisipin ang pagsasama nila ni Monjover, ni minsan sa dalawang taon nilang pagsasama ay hindi sila naging maayos.

“Kakakasal n’yo lang, mukha na kayong maghihiwalay kaagad! Hmm. ’Yan na nga ba ang sinabi ko n’on na huwag pilitin kung ayaw kang panagutan.”

Gusto niyang pagsisihan ang ginawa noon pero wala siyang nagawa kundi languyin ang putik na sinimulan na niyang hukayin.

Napatingin si Joss sa Kuya Calvin niya na noon ay nakatitig lang sa kanya. Gusto niyang humingi ng saklolo sa kapatid pero hindi naman niya

alam kung ano ang nasa isip nito. Sa lahat, ito ang bukod-tanging nahihingahan niya ng sama ng loob. Dito siya umiiyak tuwing nasasaktan siya sa mga ginagawa ng asawa. Pakiramdam kasi ni Joss, mas maiintindihan siya nito dahil may pusong babae ito, di tulad ng mga kuya niyang barako at ng nanay nilang siga.

Minsan naman, sa Papay niya siya humihingi ng payo pero hanggang doon lang. Hindi naman niya kayang sabihin ang lahat ng hinanakit niya sa asawa dito dahil ayaw niyang magalit ang ama kay Monjover.

“M-maayos naman po kami, May.” Sa wakas ay gumana din ang kanyang nablangkong utak at naigalaw na rin niya ang umurong na dila.

Hindi ito sumagot sa halip ay tinitigan siya nang maigi.

“Maayos naman daw, May. Kaya huwag ka nang mag-alala. Kilala mo naman ’yang si bunso, hindi ’yan papayag na api-apihin lang. Alam mo namang palaban ’yan kaya tama na ang tamang hinala, Mother Earth.” Sabat naman ni Calvin na nakapagpahinga nang maluwag sa kanya.

“Naniniguro lang naman ako,” sagot ng Mamay nila saka ibinalik ang buong atensyon sa ginagawa.

Nilingon niya ang Papay niya na nakangiti sa kanya pero alam niyang hindi iyon ngiti ng masaya. Isa iyong ngiting may ibinabadya.

She really loves her father. Pinangarap niyang sana ay katulad nito ang mapangasawa niya—sobrang mahal nito ang Mamay nila at sobrang sweet pa.

Pero tama nga ang kasabihan na hindi lahat ng pangarap ay natutupad. Dahil kabaliktaran nito ang napangasawa ni Joss. Siguro nga dahil hindi minahal ni Monjover kahit noon pa.



Two years ago...

Mula noong gabing pinlano niyang pikutin si Monjover at iniwan siya nitong mag-isa sa motel kinabukasan, hindi na niya ulit nahagilap ang lalaki. At wala na rin siyang balak na habulin pa ito dahil alam ni Joss na lagpas langit ang galit nito sa kanya. Sinimulan niya ulit ang buhay na parang walang nangyari.

Pero isang araw, biglang humilab ang tiyan ni Joss at parang gusto niyang masuka. Sinipat na muna niya ang orasan sa kanyang kuwarto at nakita niyang alas seis pa lang ng umaga. Agad siyang tumakbo sa labas ng silid at tinumbok ang banyo.

Nagtataka ang dalaga dahil wala naman siyang kinain na puwedeng sanhi ng pagsusuka niya. Tapos, naalala niyang dalawang buwan na siyang hindi nagkaka-mens.

“Hindi naman siguro at ’wag naman sana,” mangiyak-iyak niyang sambit.

Para bawasan ang sobrang pag-iisip, nagdesisyon siyang pumunta sa hospital.

“Okay naman ang lahat ng tests mo, Miss Madrigal, and I want to congratulate you because you’re seven weeks pregnant.” Halos mabingi siya sa sinabi ni Doctor Magno.

Ang daming tanong na nagsulputan sa isip niya. Hindi niya alam kong paano iyon sasabihin sa kanyang pamilya. Hindi din niya mawari kung good news ba iyon o bad news. Gusto niyang maiyak.

Masyado siyang nagpadalus-dalos sa nararamdaman at hindi inisip kung ano ang kahihinatnan ng ginawa niya. Kung maibabalik lang niya ang nakaraan, hindi niya gagawin ang kagagahang iyon! Nasa huli talaga ang pagsisisi.

Sinubukan niyang hanapin at kausapin si Monjover para manghingi ng tulong pero...

“Problema mo ’yan, Joss. At hindi porke ayaw kitang panagutan ay pababayaan ko ang anak ko sa

'yo. Ang magagawa ko lang d'yan ay suportahan ka financially, pero kung iniisip mong pakakasalan kita dahil nabuntis ka, d'yan ka nagkakamali! Kung hindi mo kayang ipaliwanag na walang magiging ama ang anak mo, ipaliwanag mo sa mga magulang mo 'yung ginawa mo para hindi ako madawit sa problemang ginawa mo."

Matigas ang boses ni Monjover bago siya tinalikuran. Hindi man lang siya hinayaan ng lalaki na magsalita. Guhong-guho na ang mundo ni Joss at hindi niya alam kung ano ang gagawin.



Tatlong buwan na ang nasa tiyan niya nang mapansin ng Mamay niya ang umbok niyon.

"Ano 'yan, Joshua, at bakit hindi na normal ang laki ng tiyan mo? Baka may gusto kang aminin sa 'min ng Papay mo?" anito isang araw na nagkatipun-tipon silang pamilya sa agahan.

Hindi na niya alam kung ano ang isasagot, nalunok niya na pati yata ang kanyang dila. Wala na siyang ibang nagawa kundi umiyak. Dahil sobrang depressed na siya kakaisip, natatakot siyang baka bugbugin siya ng mga kuya niya at magalit ang kanyang magulang at itakwil siya.

Noon nalaman ng lahat na buntis siya. Nagalit

ang buong pamilya, pero hindi naman siya binugbog ng mga kapatid at hindi pinalayas ng Mamay at Papay niya. Pero pinilit ng mga itong iharap niya ang nakabuntis sa kanya. Lalo siyang umiyak at inamin sa mga ito ang katotohanan. Lalong nagalit ang mga kuya niya at binalaan siyang hanapin at iharap sa lalong madaling panahon ang ama ng ipinagbubuntis niya.

Sa kawalang magawa, pinilit niyang kausapin ulit si Monjover. Nakiusap siya na kung puwede ay harapin nito ang kanyang mga magulang at samahan siyang magpaliwanag na hindi sila nagmamahalan kaya hindi puwedeng ipakasal. Sinabi pa nga niyang magkunwari ito na may asawa na.

Pero imbis na tulungan siya, sinabihan pa siya ng lalaki, “Mag-isa kang magpaliwanag at wala akong pakialam sa ’yo, Joss! Ikaw ang gumawa ng gusot na iyan kaya ngayon kusa mong harapin ang consequences mag-isa. At pakiusap lang sana, huwag mo na ulit akong guguluhin pa.” Tapos, tinalikuran na ulit siya ng binata.

Gustong humagulgol ni Joss ng iyak nang mga oras na iyon. Tama naman ito, kasalanan niya ang lahat at dapat lang siyang parusahan pero gusto lang naman niyang makatakas ito sa galit ng mga kapatid

kaya niya na-suggest ang mga sinabi niya. Pero sobra talaga ang galit ni Monjover kaya hindi siya makuhang pakinggan. Ngayon, hindi na talaga niya alam kung ano pa ang gagawin kung ayaw naman nitong makipag-cooperate.

Nanlulumong bumalik si Joss sa bahay na walang maipakilalang ama ng anak. Lalong nagalit ang kanyang kapatid kaya imbis na daanin sa matinong usapan, sinugod ng mga kuya niyang sina Jake at Claire ang bahay ng mga Maniquis.

“Kung di pakakasalan ng anak mo ang bunso namin na binuntis niya, malalagot siya sa ’min.”

Biglang namutla ang mama ni Monjover at nasindak naman ang ama nito.

Nagulat ang dalaga nang isang araw ay biglang bumisita sa bahay nila ang pamilya ni Monjover at namamanhikan. Kitang-kita niya ang galit na galit na mukha ni Monjover nang humarap sa kanya.

“Pakakasalan kita pero pinapangako kong magdudusa ka sa piling ko, Joshua Madrigal!” bulong nito nang mapagsolo silang dalawa sa sala habang abala ang lahat sa pagpunta sa kusina dahil maghahapunan na.

Nasindak si Joss at parang gusto niyang umurong sa kasal pero ginusto niya ito, kaya bakit pa siya

aatras?

At heto na nga sila ngayon, magdadalawang taon na silang kasal pero galit pa rin ang asawa sa kanya at hanggang ngayon, pinaparusahan pa rin siya nito. Wala siyang nagawa kundi hayaan ito dahil ayaw niyang makarinig ng maraming sumbat. Madalas na nagsisisi siya sa katangahang ginawa noon. Kung hindi niya ginawa ang bagay na iyon, wala sana siya sa ganitong sitwasyon at hindi sana namatay ang anak niya.



Malungkot ang mukhang tinitigan ni Joss ang kubyertos. May anak na sana siya kung hindi siya nagpaka-stressed noon.

“Oh! Hindi ka mabubusog n’yan kung tititigan mo lang ’yang pagkain mo,” biro sa kanya ni Jake.

Hindi niya namalayang nakatulala na pala siya. “Ah! Haha, oo nga ’noh,” ani Joss.

“Ano ba naman kasi iyang iniisip mo at bakit napakalalim naman yata?” tanong ng ama.

“W-wala po, Pay. May naalala lang.” Pilit ang ngiti na tiningnan niya ito.

“Kumain ka na lang, Joss. At iwasan mo ang pag-iisip nang sobra, kasi alam mo ba na ang katawan mong baboy ay nagiging katawang aso

na,” seryosong sambit naman ni JM, dahilan para magkatawanan ang lahat.

“Ay! Grabe naman kayo sa ’kin. Nagpapapayat talaga ako kasi ayokong ipagpalit ako ng asawa ko,” pagdadahilan ni Joss. Saka tingin niya, hindi naman sobra ang ipinayat niya.

“Alam mo, Joshua, kung mahal ka ng asawa mo, Kahit tumaba ka pa na tulad ng balyena, hinding-hindi ka niya ipagpapalit kahit marami pang nagseseksihan sa mundo,” anang Mamay niya.

“Oo naman! Agree ako sa ’yo diyan, darling,” malambing na sambit ng Papay nila na nakatitig pa sa mata ng Mamay nila. “Kasi ganyan ako, eh!” Nagpa-cute pa ito. Napuno tuloy ng kanyawan ang hapag-kainan.

Natawa siya sa tinuran ng mga magulang, hanggang ngayon ay napaka-sweet pa rin talaga. “Oo na kayo na ang may forever,” sabi ni Joss saka ipinagpatuloy ang pagkain.

“Naaasar na si bunso, Pay, kasi laging wala ’yung ka-forever niya,” sabat ni Claire.

“Marami kasi siyang ginagawa, hindi katulad n’yo ni Kuya Jake na tambay lang.”

“Oy! Meron kaya kaming ginagawa,” turan nito.

“Nagba-basketball kami sa plaza at naglalakad

kasi binabantayan namin ang baranggay natin. Mas nakakapagod pa nga ang trabaho namin, eh! Ikaw kaya'ng maging bisor ng isang barangay?" dagdag naman ni Jake na ikinatawa ng lahat.

"Oo! D'yan kayong dalawa magaling, pareho kayong sakit sa ulo," asik ng Mamay nila.

"Kumain na lang tayo," natatawang awat ni Claire. Iniiwas na nito ang topic dahil nahuhulaan na nila ang susunod na mangyayari; hindi na matatapos ang pagbunganga ng nanay nila.

"Ang sarap naman ng ulam," komento ni Joss para mawala ang tensyon.

2



"I'm sorry, Sir, pero declined po 'yung card na ibinigay n'yo," magalang na sabi sa kanya ng saleslady sa department store kung saan niya binibilhan ng mamahaling regalo ang date niya.

"Di nga? Lahat ng binigay kong card declined, Miss?" ani Monjover na pinipigilan ang galit. Hindi niya alam kung ano na naman ba ang nakain ng Kuya Monjour niya at naka-hold na naman ang pera niya.

"Okay. I'll give you cash, magkano ba?" aniya habang tinitingnan ang cash sa loob ng pitaka.

"It's ten thousand and eight hundred sixty pesos, Sir."

"Pota!" mura niya sa sarili nang makita ang laman ng wallet. Limang libo lang iyon. Nginitian niya nang tabingi ang saleslady. Wala siyang choice kundi ang ipa-cancel ang bibilhin sana.

"I'm sorry, Miss," hinging paumanhin ni Monjover.

Nakakahiya ang araw na iyon. Paano nagawa

ng kuya niya na ipa-hold ang card nang hindi man lang siya sinasabihan?

Inihatid niya muna si Cynthia at humingi siya ng paumanhin sa babae dahil hindi niya nabili ang gusto nitong damit at bag. Tapos, dumerecho siya sa *M&M Construction Supply and Company*, ang kompanya nila. Pinapatakbo ito ng papa at Kuya Monjour niya.

He's Monjover Maniquis, the youngest son of Don Monico Maniquis, Sr. na isa sa pinakamayayamang tao sa Pilipinas.

Kung noong bata pa siya ay inis na inis siya sa apelyido nila na halos katunog ng 'manyakis,' ngayon ay ipinagmamalaki niya iyon. Bukod sa hitsura niya na in-demand sa lahat ng kalahi ni Eba, mas lalong nagkakainteres ang mga ito sa kanya kapag nalalaman ang unique niyang apelyido. Dahil sa tatay niya, synonymous na ang Maniquis sa salitang 'mayaman.'

But for now, he would have to deal with his kind, prim and proper big brother, Monjour Maniquis. Tatlo lang silang magkakapatid at puro sila mga Adonis. Hindi nabiyayaan ang mga magulang niya ng anak na babae. Sa kanilang tatlo ay ang Kuya Monjour niya ang ni minsan ay hindi pa nagpasaway

sa mga magulang nila. Ang sumunod ditong si Monico, Jr. ay mas sakit sa ulo ang hatid kaysa kay Monjover.

“Kuya!” aniya nang tuluyang makapasok sa loob ng opisina ni Monjover.

“What?” anang kapatid na hindi man lang nagulat sa pagdating niya at ipinagpatuloy ang pagbabasa ng mga papeles sa mesa.

“Bakit na naman naka-hold ang mga card ko, Monjour Maniquis?” Sinadya niyang buuin ang pangalan nito sa inis niya.

“Why not? Kung anu-ano lang naman ang ginagawa mo sa perang pinaghihirapan ko at ng Papa!” Ibinato nito sa kanya ang isang puting sobre.

Agad niya iyong binuksan para makita ang laman pero napausal siya ng mahinang mura nang mabasa ang nakasulat sa long bondpaper na itinupi nang tatlong beses. Nakalista doon kung saan niya ginagastos ang pera niya. Pagkain at accomodations sa kung saan-saang mamahaling restaurants at hotels, iba’t ibang department stores na binilhan niya ng pangregalo sa mga babaeng nakaka-date niya.

“It’s called generosity,” bulong niya sa sarili.

“Now, tell me why wouldn’t I hold your cards?! Hindi naman ako naniniwalang ginastos mo ang

lahat ng 'yan sa asawa mo.”

Hindi alam ni Monjover kung ano ang ipapaliwanag. Umabot na pala ng limang milyon ang nawaldas niyang pera, bakit hindi man lang niya napansin?

“I’m sorry 'bout this! Pero hindi 'to dahilan para ipa-hold mo na lang basta-basta ang mga cards ko. Alam mo bang napahiya ako kanina sa department store dahil lahat ng ibinibigay kong card puro declined?” He knew he’d been acting so childish. Pero wala siyang pagpipilian! Desperado siya kasi pilay siya kung mawawala ang kanyang perang panluho.

“My God, Monjover Maniquis! Hindi ko alam kung iyang utak mo ngayon ay tumutugma pa din ba sa edad mo!” Hinimas ng kausap ang sintido na biglang nanakit dahil sa kanya. “May asawa ka nang tao pero pakiramdam ko, hindi mo pa rin 'yun nare-realize hanggang ngayon!”

Yeah, he has a wife. Asawang hindi sana niya asawa kung hindi siya nito pinikot.

Naaalala niya ang pangalan ng misis niya, si Joshua Madrigal. Her name sounded so odd, pero babae ito at kahit paano ay maganda at sexy din. But not Monjover’s type. Masyado itong boyish para

magustuhan ng katulad niya. She's weird and loud na kahit saan ay naririnig niya ang malakas nitong tawa na para bang laking-iskwater. Lahat ng katangian nito ay hindi niya gusto. And he hated her more noong planuhin nitong may mangyari sa kanila para lang ma-shotgun wedding siya ng pamilya nitong katulad din nitong mga walang modo!

Inuuwian naman niya si Joss gabi-gabi at para sa kanya, sapat na ang bagay iyon dahil kung siya ang papipiliin, ayaw niya na itong makita pa. Pero ayaw naman niyang mangyari ulit ang nangyari noon na hinamon ng pamilya nito ang pamilya niya.

Dalawang taon mahigit na silang kasal pero hanggang ngayon ay hindi niya pa rin napapatawad sa nagawa nito noon. Nawala pa ang anak nila dahil sa kapabayaang ni Joss kaya lalong lumayo ang loob niya sa babae. Ang baby ang dahilan kung bakit siya nakatali dito ngayon at winala lang nito iyon. He hated her even more.

Ginagawa naman nito nang maayos ang tungkulin nito bilang isang asawa. Nagpapaubaya ito kapag kailangan niya ito at ni minsan ay hindi siya nakarinig ng reklamo mula sa babae. Kahit na ba pagkatapos niya itong galawin ay agad-agad niya itong pinapabalik sa sarili nitong kuwarto o

di kaya, tatayo na siya agad at babalik sa kanyang silid. Magpasalamat na lang ito dahil kahit paano ay nagtitiyaga pa din siyang makasama ito.

“Hindi kasama si Joss sa usapang ito, Kuya! Dahil ang problema dito ay kailangan mong ibigay ang pera ko,” ani Monjover na pinipigilan pa rin ang galit na gusto nang umalpas.

“At bakit hindi? Siya ang asawa mo! And let me correct you, little brother, wala kang pera dahil ang perang pina-hold ko’y pera ng kumpanya at perang pinaghihirapan kong dumami at ganun mo lang kabilis waldas! Simula ngayon kay Joshua ko na ibibigay ang allowance mo at siya ang magdedesisyon kung bibigyan ka ba niya ng pera para sa pambabae mo,” sabi ng kapatid na derechong nakatitig sa mga mata niya at nakikipagsukatan ng tingin. Alam niyang wala itong balak na magpatalo.

Ang kinakatakutan ni Monjover sa Kuya Monjour niya, may isang salita ito. Kapag sinabi nito, iyon ang masusunod! Walang makakatibag sa salita ng kapatid; mas matitibag mo pa ang Great Wall of China kaysa sa prinsipyo nito. Bagsak ang dalawang balikat na naupo siya sa sofa. Hindi niya kayang salungatin ang sinasabi nito, alam niyang sa mga oras na iyon ay talong-talo na siya.

“I will only give your wife fifteen thousand pesos every month kaya kailangan niyang budget-in ang pera na ’yun sa loob ng isang buwan. I’m sure mawawalan ka ng ipapambabae, little brother. And last but not the least: if you want money, paghirapan mo. Pagtrabahuhan mo.” May diin ang bawat salita nito.

“And what do you mean by that?” Salubong ang mga kilay na nakatitig si Monjover sa kapatid. Hindi na siya nagtataka kung bakit ito successful sa larangan ng business dahil sa pagkatuso nito sa lahat ng bagay. Hindi naman niya ito masisisi kung naging ganoon ito, ito kasi ang panganay.

Gusto niyang sakalin ang kapatid hanggang sa mawalan ito ng hininga, nanggigigil siya sa paraan ng pagtingin nito na para bang kahit anong gawin niya, wala siyang pagpipilian. Kahit saan pa siya lumusot, siya ang talo at ito ang mananalo.

“Get a job! Then, you’re going to have a good salary at magkakaroon ka na ng sariling pera nang hindi kailangang humingi pa sa asawa mo. Isn’t it a bright idea, li’l bro?” May nakaguhit na ngiti ng tagumpay sa mga labi nito na lalo niyang ikinainis.

Nagtagis ang mga bagang niya sa sobrang inis na nararamdaman. Alam niyang pinlano na ng

kapatid ang lahat noon pa kaya siya papabagsak sa mga kamay nito.

“F*ck you!!”

“Thank you.” Mas lalong lumawak ang ngiti ni Monjour.

Pagalit na tumayo si Monjover at padabog na naglakad palabas sa opisinaang iyon at pabalibag na isinara ang pinto. Halos umuga ang buong opisina sa ginawa niya pero wala na siyang pakialam. Kung puwede lang niyang paguhuin ang buong building ay ginawa na niya kanina pa dahil sa sobrang galit na nararamdaman. Galit na galit siya sa ginawa ni Monjour na panggigipit sa kalayaan niya at alam niyang kahit isumbong niya pa ito sa papa nila ay wala din siyang mapapala. Mas kakampiyan ito ng magulang nila.

Inis na pinaharurot ni Monjover ang kanyang sasakyan papalayo.



Alas nueve na siya ng gabi umuwi sa bahay nila ni Monjover. Madilim pa rin ang loob ng bahay na indikasyon na wala pa rin tao sa loob. Sinilip ni Joshua ang kotse ng asawa sa garahe at wala pa rin ito. Mula noong ikinasal sila, hindi naman ito nagtrabaho dahil sinusuportahan ito ng pamilya.

Iyon ang ikinabubuhay nilang dalawa at siya naman ay nagtitinda ng RTW online para may matawag na sariling pera. Nahiihiya kasi siya sa pamilya ng asawa niya.

Kahit makiusap siya kay Monjover na magtrabaho para hindi na sila umasa sa pera ng pamilya nito, hindi siya pinapakinggan ng asawa sa halip ay sinasabihan pa siya. *“Nahiihiya ka pa? Alam ko naman na wala ka n’un kaya puwede ba, huwag ka ngang magkunwari!”* ang laging sinasabi nito kapag napag-uusapan nila ang bagay na iyon.

Pero hindi lubos maisip ni Joshua kung bakit wala ito lagi sa bahay. Maaga itong umaalis na para bang may pinapasukang trabaho, at umaga na kung umuwi.

Napabuntong-hininga ang babae. Hindi niya alam kung hanggang kailan siya paparusahan ni Monjover sa kasalanan niya.

Nagpasya siyang maglinis muna ng katawan bago matulog, tatal kumain na siya sa bahay nila bago umalis.

Saan na naman kaya siya pupunta bukas? Hindi naman puwedeng sa bahay nila ulit dahil baka makahalata na ang pamilya niya sa nangyayari sa pagitan nilang mag-asawa kung inaraw-araw niya

ang pagbisita doon. Pero bagot na bagot na siya dito sa bahay nila ni Monjover.

“Hay! Life,” aniya saka pumanhik sa sariling kuwerto. Hanggang kailan ang kalbaryo niyang ito?



“I’m sorry. Hindi kasi ako free niyan dahil may kailangan akong gawin sa opisina.” Hindi sa nakikitsismis si Joshua pero hindi niya sinasadyang marinig ang usapan ng asawa at ng babaeng tinatawag nitong ‘babe’ sa kabilang linya. “Okay. Pupuntahan na lang kita sa bahay mo. Okay. I love you. ‘Bye!” anito saka humakbang patungo sa labas.

Hindi niya alam kung ano ang meron at nakabihis ang asawa na para bang papasok talaga sa opisina.

“Saan ka pupunta?” Hindi na siya nakatiis kaya nagtanong na siya.

“Nakakagulat ka naman!” ani Monjover.

“Ayy! Sorry. Hindi ko sinasadyang gulatin ka.”

“Ayos lang. Tatal gising ka na rin naman, baka puwedeng ipaghanda mo ako ng makakain dahil simula ngayon, papasok na ako sa opisina. Pinapapasok kasi ako ng Kuya Monjour.” Biglang nalukot ang mukha ng kausap nang banggitin ang kapatid.

“Himala!” wala sa sariling sambit ni Joshua.

“Anong himala?” salubong ang mga kilay na ulit nito.

“Ahh! Ha? W-wala ’yun. Sige, maghahanda na ako.” Bakit niya ba nasabi ang bagay na iyon? Baka magalit na naman ito sa kanya.

Nagmadali siyang maghanda ng makakain ng asawa.

Ano kayang nangyari at napapayag ito ng Kuya Monjour na magtrabaho sa wakas? Bigla siyang napaisip kung ano kaya ang naging kapalit para mapapayag ang bunso nitong kapatid. Hindi siya maniniwalang walang kapalit ang pagpasok nito sa trabaho.

Napatingin si Joss sa asawang ngayon ay may kausap ulit sa cellphone. Napabuntong-hininga na lang siya. Mabuti pa ang mga babaeng iyon, tinatawagan nito. Samantalang siya na asawa, ni hindi niya alam kung ano ang CP number ni Monjover.

Napapansin lang siya nito kapag may kailangan ito sa kanya.

“Nakahanda na ang almusal mo, Mon. Kumain ka na,” nakangiti niyang tawag.

Tinanguan lang siya ng lalaki at agad ding

ibinalik ang buong atensyon sa kausap. Kaya naman imbis na pakinggan pa ang sweet na usapan nito at ng babae sa kabilang linya ay napagdesisyunan ni Joshua na magwalis sa bakuran at magdilig ng mga halaman. Wala siyang gustong puntahan ngayong araw kaya kesa maggala ay mananatili na lang siya sa bahay.



Lumipas ang linggo na ganoon lagi ang ginagawa ni Joshua sa araw-araw. Gumigising siya nang maaga para ipaghanda ng pagkain ang asawa pero hindi niya alam kung bakit nang araw na iyon, hindi ito naghahanda para sa pagpasok sa trabaho.

“Hindi ka ba aalis ngayon?” takang tanong ni Joshua sa asawang prenteng nakaupo sa sofa.

“Hindi,” maiksing sagot nito na abalang nanonood ng T.V.

Tinatamad na naman ba ito? Ewan kung bakit ba napakairesponsible ng taong minahal niya.

Tumuloy si Joshua sa kusina para maghanda ng makakain nilang mag-asawa. Kahit naman walang kuwentang asawa ito, hindi niya ito masikmurang pabaya na lang. Sa awa ng Diyos, hindi siya katulad nitong pabaya. Nagtimpla siya ng dalawang kape dahil gusto din niyang mainitan ang mga

sikmura nilang dalawa saka siya maghahanda ng almusal.

Abala siya sa paghahanda ng almusal nang biglang tumunog ang doorbell. Hindi na niya kailangang lumabas dahil agad na tumayo ang asawa. May inaasahan yata itong bisita.

“Sino naman kaya iyon?” tanong ni Joss sa sarili. Gusto niyang makiusyoso kaya lumabas siya. Biglang nanlaki ang kanyang mga mata sa nakitang eksena.

Magkadikit ang mga labi ng asawa at ng babaeng bisita. Bigla siyang nanginginig sa galit; wala na ba talagang respeto ang mga ito?

Tumikhim si Joshua para magkaroon naman ng hiya ang dalawa at mapansin siya.

“Ah! May tao pala,” nakangiting sambit ng babae.

Agad niyang pinag-aralan ang hitsura nito nang humarap ito. Tulad nang mga naunang babaeng dinala ni Monjover sa bahay nila, maganda at sexy ito. Makinis ang balat at mukhang alaga sa gluta kaya pati lamok at langaw ay mahihiyang dumapo. Mukha itong model, samantalang siya?

Niyuko ni Joshua ang sarili. Simple lang ang suot niya at may parte pang butas-butas dahil sa kalumaan at nanghihinayang siyang itapon dahil

presko naman kapag sinuot. Nakatali ang kanyang buhok at pawisan ang mukha dahil sa pagluluto. Napakalayo niya sa babaeng nakayakap ngayon sa asawa. Kaya wala siyang karapatang saktan ang babae dahil baka kapag nasugatan niya ang makinis nitong mukha at balat ay pagbayarin pa siya ng milyon at wala siyang ganoon kalaking pera.

“Akala ko, babe, pinag-off mo ang mga katulong mo, bakit may natira pa?” tukoy nito sa kanya.

Nasaktan si Joshua sa maling akala ng babae pero wala siyang lakas para ipakilala ang sarili.

Matagal na niyang tanggap na mas mukha siyang katulong kaysa asawa ni Monjover, pero hanggang ngayon ay nasasaktan pa din si Joss.

Hindi naman siya sobrang pangit. Maganda nga daw siya kapag naayusan, kaso wala siyang hilig mag-ayos. Komportable siya sa mga sinusuot niya at hindi niya kailangang mag-ayos dahil sanay na siyang makita ang simpleng siya.

Pero sa mga ganitong pagkakataon, nakakaramdam si Joss ng panliliit sa sarili. Hindi man lang niya kayang ipamukha sa mga kabit ng asawa na siya ang tunay na asawa.

“Aalis din naman siya mamaya. Pinagluto ko lang,” sagot ng asawa habang inaalalayan ang

magandang babae papasok ng bahay.

Gusto niyang manliit nang lagpasan siya ng dalawa. Sobrang liit na talaga ng tingin niya sa sarili.

Nagsimula na din siyang maglakad papasok sa loob para tapusin ang niluluto. Kahit nagliliyab ang damdamin ay sinarapan pa din niya ang niluluto dahil una, ayaw niyang pagalitan siya ng asawa. Pangalawa, gusto niyang walang masabing masama ang babae sa luto niya. Kahit sa pamamagitan lang niyon, maipagmalaki naman niya ang sarili.

Iniiwasan niyang mapadako ang paningin sa sala dahil ayaw niyang makita ang lambingan ng asawa at ng magandang babae.

Pakiramdam ni Joss, isang matandang karne ang nilalaga niya at napakatagal lumambot. Inip na inip na siya at gusto na niyang makaalis sa lugar na iyon. Magkukulong na lang siguro siya sa silid niya buong araw para hindi niya makita ang ginagawang katarantaduhan ng asawa. Gustong pumutok ng bombang pinipigilan niya sa dibdib.

Hanggang sa sa wakas ay naluto na rin ang ulam. Inihain na niya iyon agad at kumuha ng para sa sarili. Nang matapos sa ginagawa, agad siyang pumanhik sa kuwarto para magkulong. Wala naman kasi siyang maisip na puntahan kaya dito na lang siya

kahit ikamatay na niya ang sakit. Bukas kakausapin niya ang asawa dahil hindi na tama ang ginagawa nito sa kanya.

3



Hindi alam ni Joshua kung anong oras na siya nakatulog nang nakaraang gabi sa kahihintay na umuwi ang bisita ng asawa. Nagbakasali siyang kumatok sa kuwarto nito.

“Mon,” tawag niya habang kumakatok. Nakailang katok muna siya saka nito binuksan ang pinto.

“Puwede ba tayong mag-usap?” kagigising lang nito; magulo pa ng buhok at hindi halos maibuka ang mga mata. And he was half-naked! Kaya biglang nanuyo ang lalamunan niya. Alam niyang wala na ang bisita nito dahil wala na sa garahe ang pink na kotse.

“Ano ba ang dapat natin pag-usapan?” Sinuklay ni Monjover ng kamay ang buhok saka tumingin sa kanya. Parang slow motion iyon sa paningin niy Joss at sa simpleng galaw nito ay napaka-sexy nitong tingnan.

Ipinilig ni Joshua ang ulo para alisin sa isip ang masasamang naiisip. Hindi siya dapat magpadala sa

kamachohan ng asawa.

“Magbihis ka muna at hihintayin kita sa ’baba, mag-uusap tayo!” aniya saka tumalikod.

Isang malakas na bagsak ng pinto ang narinig niya. Nairita na naman ba ito sa kanya dahil ginising niya? Malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Joshua saka tuluyang bumaba.

Ilang minuto din ang hinintay niya bago ito bumaba. Ngayon ay bagong paligo na ang hitsura nito. Kung kaninang nakita niya itong bagong gising ay naaakit na siya, lalo na ngayong presko na ito. Daig pa niya ang sinilaban.

He was wearing maong shorts na pinaresan ng V-neck na puti, but his simplicity did not mean lack of appeal! Dahil kahit saang anggulo ito tingnan ay nag-uumapaw ang charm nito.

Agad itong umupo sa bakanteng upuan. “Ano ba ang kailangan nating pag-usapan?”

Tumikhim muna siya bago nagsalita. Sa uri ng tingin ni Monjover sa kanya, parang gusto na niyang umurong sa gustong sabihin. Pero hindi puwede iyon.

Nagtanggal muna siya ng bara sa lalamunan bago nagsalita. “Hanggang kailan mo ba balak magdala ng babae sa pamamahay na ito, Mon?”

Natigilan ito. “Kailan mo ba balak na itigil ang mga ginagawa mo sa ’kin?”

“Bakit, sawa ka na? Bukas ang pinto; malaya kang makakaalis kung gusto mo.”

Nasaktan si Joshua. Kapag nagrereklamo siya, ganoon lagi ang natatanggap niyang sagot.

“Nasasaktan din ako, Mon. Hindi naman ako robot. Hindi din ako manhid para hindi makaramdam ng insecurities, ta’s ang turing pa sa ’kin ng mga babaeng dinadala mo dito, katulong! Ano ba ang dapat kong maramdaman?” Sinikap niyang huwag umiyak sa harapan ng asawa. Hindi ito ang tamang oras para umiyak siya, at saka wala na siyang mailuha.

Kahit kailan hindi man lang nito inisip ang nararamdaman niya, bakit ba napakahirap para dito ang mahalin siya? Sobrang hirap ba niyon?

O kahit huwag na siyang mahalin ni Monjover, kahit irespeto na lang siya nito bilang babae.

“Kung hindi mo na kaya, Joss, you’re free to leave. Wala akong balak pigilan ka so don’t act as if inoobliga kitang mag-stay sa tabi ko. You know it, I don’t care if you walk away.”

Kailan ba siya magsasawa? Kailan ba siya susuko? Humihinga si Joshua pero pakiramdam

niya, patay na ang puso niya.

“I know,” ang tangi niyang nasabi.



“Buti ka pa masaya ang buhay may-asawa, Kim.”

Nasa mall sila ng best friend niyang si Kimberly.

Niyaya siya nitong mamasyal at hindi naman niya tinanggihan dahil kung mananatili siya sa bahay nila, baka matuluyan na ang utak niya.

“Oo naman, Joss. Kasi pareho naming mahal ni Alfonso ang isa’t isa kaya masaya kami at parehong walang pinagsisihan. Lalo na ngayong magkakaanak na kami.” Hinimas nito sa malaking tiyan na limang buwan na.

May parte niya na naiinggit sa kaibigan. Hindi ito kagaya niya na miserable.

Naalala niya ang namatay na anak. Kung nabuhay kaya ito at kung inalagaan niya ito sa kanyang sinapupunan, ilang taon na sana ito ngayon.

Malungkot siyang napangiti. Hindi siguro talaga iyon para sa kanya. Okay na rin dahil kung nagkataon, makikita pa ng anak ang paghihirap niya sa piling ng daddy nito. Ayaw muna niyang mabuntis sa pagkakataong ito dahil baka maulit na naman ang nangyari noon. Nagpi-pills talaga siya huwag lang mabuntis ulit. Tama na iyong siya na

lang ang nahihirapan.

“Kaya nga, eh! Buti ka pa,” aniya, sabay buntong-hininga nang malalim.

“Hindi pa din ba kayo magkasundo ni Monjover hanggang ngayon? Di ba, dalawang taon na din naman kayong kasal?”

Tumango si Joshua. Hindi na niya kailangan pang sagutin ang tanong nito, nasa mukha na niya ang lahat ng sagot.

“Masaya ka pa rin ba?”

Napatitig si Joss sa mga mata ng kaibigan ng tanungin siya nito nang ganoon. “Sa totoo lang, Kim, h-hindi ko na alam kung masaya pa din ba ako. Simula’t sapul, wala naman siyang ginawa kundi saktan ako nang saktan at wala din akong ibang isinusukli sa kanya kundi ang mahalín siya nang mahalín. Nagbulag-bulagan ako; may pagkakataon pa nga na sarili ko na mismo ang sinisisi ko sa mga nangyari. Akala ko may katapusan ang lahat ng sakit na ibinibigay niya sa ’kin. ’Yung mga preso nga, may parole kapag nagpakabait sa kulungan. Pero ako, bakit pakiramdam ko wala akong kalayaan sa mga parusa niya? Bakit wala akong parole sa kasalanang nagawa ko sa kanya?” Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng luha. Inilabas na ni Joss sa kaibigan ang

lahat ng sama ng loob.

“Ilabas mo lang ’yan, Joss.” Niyakap siya ni Kim habang iyak siya nang iyak sa balikat nito. “Pasensya ka na kung hanggang dito lang ang kaya kong ibigay sa ’yo. Huwag mong itago ’yan, mabigat ’yan sa puso.” Tama nga ang kaibigan.

Siguro ito ang kailangan niya para gumaan ang kanyang pakiramdam. Matagal na panahon niyang sinolo ang problema, ngayon lang niya nalaman na masarap palang umiyak sa harap ng kaibigan.



“Magbihis ka, may pupuntahan tayo.”

Abala si Joss sa paglalaba nang biglang dumating ang asawa at sinabihan niyon.

“B-bakit? Saan tayo pupunta?”

“Basta huwag ka nang maraming tanong.”

“K-kaso may nilalabhan pa ako.” Hindi niya naman puwedeng iwanan iyon.

“Tapusin mo na lang ’yan mamaya,” ani Monjover. “Utang na loob, umakyat ka na at magbihis. Wear something formal,” taboy nito kaya nagmadali na siyang umakyat.

May pormal ba siyang damit? Tiningnan ni Joss ang kanyang damitan. Pero puro pantalon at t-shirts lang ang laman niyon dahil hindi naman

siya mahilig magpalda at magsuot ng magagandang damit. Wala rin siyang kahilig-hilig sa formal events.

Napalington si Joss sa may pintuan, hindi niya alam kung saan sila pupunta at bakit kailangan niya pang magsuot ng pormal na damit. Imbis na magreklamo, pumili na lang siya sa mga damitan niya ng magandang t-shirt na hindi niya masyadong nagagamit kaya kung titingnan ay mukha pa iyong bago. Pinaresan niya ng bagong biling pantalon. Hindi naman iyon nakakahiya dahil branded naman iyon.

Naglagay siya ng pulbo sa mukha para hindi siya oily tignan at naglagay rin ng kaunting lipstick para hindi siya maputla. Sinilip niya ulit ang mukha sa salamin at nang makuntento sa repleksyon, nagpasya na siyang bumaba.

“Tara,” nakangiti niyang sambit. Sa palagay niya, maayos naman ang kanyang hitsura. Pero iba ang sinasabi ng mukha ng asawa, tila hindi ito natuwa sa nakitang ayos niya.

“Bilisan mo at may pupuntahan muna tayo bago tutuloy sa mansyon.” Nagmadali itong lumabas ng bahay.

Lakad-takbo ang ginawa niya para makahabol sa mabilis nitong paglalakad.

“Pumasok ka na.” Sumakay ang asawa sa driver’s seat. Kahit kailan talaga ay hindi ito gentleman pagdating sa kanya. Samantalang sa ibang babae, kung makaalalay ito ay daig pa ang isang may hawak ng mamahaling kristal. Hindi na siya magrereklamo. Wala na siyang iisiping magpapasakit sa utak niya.

“Saan tayo pupunta?” mahina niyang sambit pero hindi man lang siya nito inabalang sagutin.

Ilang minuto lang ay nakarating sila sa pupuntahan nila. “Bilisan mo ang pagbaba, may kaunting oras lang tayo para ayusan ka.” Bumaba ito at dere-derechong pumasok sa isang boutique.

“Pilian mo nga ng magandang damit ang babaeng ito, iyong babagay sa kanya,” utos nito sa isang saleslady saka kampanteng naupo sa sofa ng store.

“B-bakit? Hindi ba bagay ang suot ko?” reklamo ni Joss, pero hindi ito nagsalita pa ulit.

“This way, Madam,” magalang na sambit sa kanya ng saleslady.

“Magkano ang halaga ng isang damit dito, Miss?” tanong niya rito. Mukhang mamahalin ang lugar. Namamahalan na nga siya sa mga branded na damit na kanyang binibili, ano pa kaya dito?

Itinuro nito ang isang dress at sinabi sa kanya

ang presyo. Kulang na lang, lumabas ang eyeballs niya. Grabe, ang mahal naman! Kung tutuusin ay hindi naman sobrang ganda at napakasimple lang ng tabas at design. Saan ba gawa ang materyales ng damit na ito at sobrang mahal? Huwag na lang kaya siyang bumili? Maayos naman ang damit niya.

“Wait lang, Miss, kakausapin ko lang ang lalaking ’yun,” turo niya kay Monjover. Hindi niya kayang sabihin na asawa niya ito dahil baka ma-discriminate lang siya.

“Teka lang, ang mamahal naman ng damit dito. Puwede naman na ang suot ko, gora na tayo,” aya niya sa lalaking abala sa binabasang magazine.

“Bumalik ka d’un, Joss. Kailangan mo ng matinding transformation kung ayaw mong pagtawanan ka ng mga tao mamaya,” seryosong sambit nito kaya naman kahit labag sa loob ay wala siyang magawa kundi bumalik sa saleslady.

“Magkano ba ang dilaw na damit na ’yan?” turo niya sa hawak nitong sleeveless cocktail knit dress. Palagay naman niya, babagay ang damit na iyon sa kanya dahil sa perfect shape ng damit at mas lalo pang makikita ang kaputian niya dahil sa kulay niyon.

Binanggit nito ang presyo na puwede nang

suweldo ng isang karaniwang manggagawa. “Ito po ang pinaka-latest namin, Madam,” nakangiting sagot ng babae.

Muntik na siyang himatayin sa presyo. Bakit naman ang mamahal ng damit ng mga mayayaman?

“Ah, gan’un ba? Bigyan mo na lang ako, Miss, ng old stock. Ayos lang naman sa ’kin kahit hindi latest.” Agad na naghanap ang babae ng damit na babagay sa panlasa niya at hindi kasing-mahal ng nauna. Mayamaya, bumalik ang saleslady na may bitbit na isang cocktail dress. Maganda din iyon at sleeveless din na kulay navy blue at sa bandang palda ay may polka dots. May kapares iyong manipis na belt para i-emphasize ang hubog ng kanyang katawan.

“Magkano naman ’yan, Miss?”

“Mura lang po ito, Madam, kaysa dun sa nauna.” Binanggit nito ang presyo na kalahati ng presyo niyong kanina. Mahal pa rin pero ayos na kaysa naman doon sa nauna. Maganda din naman, simple pero elegante.

“Sige ’yan na lang ang pipiliin ko,” aniya.

Si Monjover naman ang magbabayad, at least nakinabang ako kahit kaunti sa pera niya.

Agad iyong pinasukat ng saleslady sa kanya. Nang maisuot, agad niya iyong ipinakita sa asawa

pero isang tango lang ang ibinigay nito at binulungan ang saleslady dahilan para hilahin ulit siya nito sa loob. Hindi niya alam kung ano ang ibinulong ni Monjover dito.



Ilang oras din siyang naghintay kay Joshua. Pina-make over niya ang asawa dahil hindi talaga siya natuwa sa ayos nito kanina. Ripped jeans na pinaresan nito ng fushia pink t-shirt. Maganda naman pero hindi nababagay sa pupuntahan nila ngayon.

Sa ayaw at sa gusto ni Monjover, kailangan nilang pumunta sa mansyon dahil iyon ang utos ng kanyang mga magulang. Tama naman ang mga ito na matagal na rin silang hindi nakakadalaw sa mga ito. Marami siyang pinagkakaabalahan kaya wala siyang panahon para bisitahin ang mama at papa niya.

Sinipat niya ulit ang relong pambisig at halos mag-aalas siete na. Kailangan bago mag-alas nueve ay nasa mansyon na silang mag-asawa. Ilang oras pa ba ang hihintayin niya? Naiirita na siya nang kaunti. Nahihirapan ba ang mga nag-aayos sa mukha ng asawa kaya hanggang ngayon, hindi pa rin ito lumalabas? Naiintindihan niya ang bagay na iyon.

“Nandito na po ang girlfriend mo, Sir. Pasensya

na po sa matagal na paghihintay,” anang babaeng nag-assist sa kanyang asawa.

Tango lang ang isinagot ni Monjover. Hindi niya maintindihan kung bakit pinapatagal pang palabasin si Joshua. Alam naman niyang walang pagbabago sa mukha nito, kahit naman ayusan ito’y ganoon pa din ang mukha ng asawa.

“Lika na, Madam,” narinig niyang tawag ng babae sa asawa.

Dahan-dahang lumabas ng pinto si Joshua. Hindi niya alam pero parang sa pelikula lang na biglang nanigas si Monjover sa kinauupuan. Para bang tumigil saglit ang pag-ikot ng mundo at bumagal ang lahat sa paligid at tanging si Joshua lang at siya ang bukod tanging gumagalaw.

Dahan-dahan niyang iniangat ang paningin patungo sa mukha ng asawa. Bigla ay hindi niya ito nakilala.

“J-Joshua?” mahina niyang sambit, bagay pala sa asawa ang tuwid na buhok. Ang dating itim na itim nitong buhok na tulad ng gabi, ngayon ay may kaunting kulay na parang ash blonde o ash brown. Ang mukha nitong dati nang maganda, ngayon ay mas lalong gumanda dahil sa kaunting makeup na nilagay roon.

Ang kulay ng damit nito ay bumagay sa kutis nitong mas lalong pumuti dahil sa kintab ng damit. Ang paa nitong halatang ngayon lang nakapagsuot ng mataas na heels dahil naa-out of balance pa minsan.

“What do you think, Sir?” boses ng makeup artist ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. Hindi niya alam kung ilang minuto siyang natulala sa gandang di niya inakalang taglay ng kanyang asawa.

“O-okay naman, thank you sa effort.” Kinapa niya ang wallet para makapagbayad na at makaalis na sila sa lugar. Nahiya siya bigla sa sarili.

“Tara na, Joss,” aniya matapos makapagbayad. Agad naman niyang naramdaman ang pagsunod nito sa kanyang likuran.



“Nice to see you again, Joshua. I’ve missed you. Ngayon lang ulit tayo nagkita, hindi naman kayo dumadalaw sa ’min,” may himig tampong sambit ng kanyang mother-in-law.

Sa pamilya niya ay welcome na welcome si Joshua kahit na ba hindi maganda ang naging umpisa nila. Hindi man lang niya naramdaman na nagalit ang mga ito sa babae kahit na pinagbantaan ng mga kapatid nito ang buhay ng mga kanyang

magulang.

Sabi ng mama at papa niya, pati na ng Kuya Monjour niya, mabait na babae daw ang asawa niya at mahirap magalit dito. Pero para sa kanya kung talagang mabait si Joshua, hindi sana siya nito pinikot. Kahit na sabihin pa nitong nagawa lamang nito ang bagay na iyon dahil sa pagmamahal sa kanya, mali pa din na pilitin siya nitong pakasalan dahil una pa lang, wala na talaga siyang pag-ibig na nararamdaman para rito.

Kaya kapag nagrereklamo ito na nahihirapan na, agad niyang sinasabi na bukas ang pinto at hindi niya ito pipigilang umalis. Kahit pilitin niya ang sarili, hindi niya talaga magawang patawarin ang ginawa noon ni Joshua.

Sa totoo lang, hindi mahirap mahalin ang asawa. Simple lang ang ganda nito pero may taglay na karisma. Napaka-sexy rin nito, kahit sinong lalaki mapapansin agad ang mga katangiang taglay ng babae. Pero kahit na! Hindi pa rin sapat ang mga bagay na iyon para malusaw ang galit niya rito.

Oo, may nakaraan sila noong kolehiyo pa lang sila. Pero ginawa niya lang naman iyon dahil kailangan niyang pumasa. At matalino talaga si Joshua kaya napilitan siyang ligawan ito. Hindi

naman siya pinahirapan ng dalaga at agad siyang sinagot. Pero noong malapit nang matapos ang school year at malapit na silang gumraduate ay nakipagkalas siya sa babae. Hindi na niya kasi kailangan pa si Joshua at may natitipuhan na siyang ibang babae.

Natural na magalit ang dalaga sa kanya. Hindi iyon matanggap ni Joshua kaya pagkatapos ng ilang taon ay pinlano nitong pikutin siya. Sobra siyang nagalit; ang taas ng respeto niya rito pero biglang nawala iyon at napalitan ng paghihiganti. Kaya naman pinapahirapan niya ito nang lubos, tinitignan niya kung hanggang saan ang kaya nito. At mukhang matibay nga talaga ang asawa dahil hanggang ngayon, hindi pa rin ito bumibitaw.

“May maganda na ba kayong balita sa ’min ngayon, Monjover?” malisyosong tanong ng kanyang Mama.

“Ha? Ahh! W-wala pa po, Mama,” agap na sagot ni Joss.

“Ay! Akala ko naman, magkakaroon na ako ng little apo. Nakaka-miss na kayang magkarga ng sanggol. Matagal na panahon na din,” malungkot na sambit ng kanyang mama.

Sa kanilang tatlong magkakapatid, siya pa lang

ang nakapag-asawa.

“Bakit hindi ka na lang magbuntis ulit, Ma?” biro ni Monjover na ikinatawa nilang lahat.

“Jusmeyo! Kung puwede lang. Kaso menopause na ako.”

Nagkatawanan silang lahat. Noon naman may biglang nagsalita sa likuran.

“Ang saya n’yo naman. Pasali naman ako,” nakangiting sabi ng Kuya Monico niya.

Walang kupas. Napakaguwapo pa rin nito.

4



"Oh! Monico?" masayang bungad ng kanyang ina at agad itong niyakap. "Buti naman at nakapunta ka. Akala ko bibiguin mo na naman kami ng papa mo." May himig-tampo sa boses nito.

"Pasaway lang ako, Ma. Pero mahal na mahal ko kayo," bola pa ni Monico sa dalawang matanda.

Hindi alam ni Monjover kung bakit ganoon ang kapatid na para bang ang daming pinagtataguan. Hindi man lang ito napirmi sa isang lugar. Kahit ang papa at Kuya Monjour niya ay hindi ito kayang patinuin.

"Mabuti naman kung gan'un," seryosong sabat ng kanilang ama.

"Huwag ka nang magtampo, Pa. Magtitino din ako pagdating ng panahon!" natatawa pang sambit ng kapatid bago napabaling sa kanya. "Hey! L'il bro, kumusta?" Nakangiti ito.

"I'm fine."

"Hi, Joss, ganda mo naman ngayon," puri nito sa

asawa niya na ikinataas ng kanyang kaliwang kilay.

“Thank you, Kuya Monico.”

“Inaalagaan ka ba ng bunso namin? Bakit nangangayayat ka yata?” puna pa nito.

Hindi nakasagot si Joshua kaya si Monjover na ang sumalo sa tanong. “Masama ba kung gusto niyang magpa-sexy?” naiirita niyang sabi. Kahit kailan talaga ay hindi niya gusto ang tabil ng dila ng nakatatandang kapatid.

“Hindi naman. Halata lang kasi na hindi ka marunong mag-alaga dahil nangayayat si Joshua, eh!” anito saka binalingan ulit ang babae. “You know what? Mas bagay sa ’yo ’yung chubby ka.”

“Parang hindi naman po,” nahihiyang sagot ni Joss.

“Promise,” pilit ni Monico. “Pero alam mo, kung pinapahirapan ka ng kapatid ko, umalis ka na dahil wala nang pag-asang magbago ’yan.”

Talagang ginagalit siya nito.

Akma na sana niyang susugurin ng suntok si Monico pero biglang may nagsalita sa likuran nila.

“Stop! Kayong dalawa! Ngayon nga lang kayo nagkita ulit, ganyan pa ang isasalubong n’yo sa isa’t isa?” singhal ng Kuya Monjour nila na kararating lang. “And you, Monico, don’t act as if napakagaling

mong mag-alaga ng babae. Mas malala ka pa kay Monjover.” Nagkibit-balikat lang si Monico.

Huminga nang malalim si Monjour at saka nagpatuloy. “Ah, by the way, may kasama ako at matutuwa kayong lahat dito.” Lumabas ito ng bahay at may tinawag. “You may come in, Liesel.”

Biglang bumagal ang ikot ng mundo ni Monjover dahil sa pangalang tinawag nito.

“Hi, everyone! I’m back.” Masiglang boses ng babae ang narinig niya.

And it was really, Liesel, his first love. Bumalik na pala ito galing America.

“L-Liesel!” masayang tawag ni Monico sa babae saka agad na tumakbo para yakapin ito. “Kumusta? Na-miss kita sobra.” Halata ang saya ng kapatid sa bawat binibitawang salita.

“I’m fine, Monico. Ikaw, kumusta?” Hindi man lang nagbago ang napaka-sweet nitong boses. Tapos, lumingon ito. “Hi, Jover, how are you? I missed you.” Titig na titig ito sa mga mata niya habang binibigkas ang mga salitang iyon.

Napatingin siya sa mukha ni Monico, na nagbago ang anyo nang marinig ang sinabi ni Liesel. Minsan niyang naging karibal ang kuya niya sa dalagang ito. Iyon ang isa sa mga rason kaya hindi

sila masyadong magkasundo.

“I miss you too... sweet.” Sinadya niyang banggitin ang endearment nila ng babae sa isa’t isa. Para iyon ipaalala sa kapatid na siya ang minahal ni Liesel at hindi ito.

Nagsukatan sila ng tingin ni Monico. Galit ito sa kanya dahil hindi ito mahal ng kaisa-isang babaeng minahal nito.

Umalis noon si Liesel at hindi nila nakayanan ang LDR kaya nagpasya na lang silang maghiwalay at nawalan na rin sila ng komunikasyon sa isa’t isa.

“You dare say that, hindi mo ba nakikita ang *asawa* mo?” asik ni Monico.

Nakita niyang nabigla si Liesel. “M-may asawa ka na pala?” mahina nitong sambit.

“Yes!” agap na sagot ni Monico. “This is Joshua, Monjover’s wife. And Joss, si Liesel. Ex ng asawa mo.” Alam niyang nananadya ang Kuya Monico niya, base sa tono nito.

“Nice to meet you,” narinig niyang tugon ni Joshua. Pero hindi tinanggap ni Liesel ang pakikipagkamay nito.

“Ano ba naman kayo, mga anak. Ngayon nga lang kayo nagkita-kita ulit, rambolan pa ang mangyayari? Kalma lang kayo. Mas mabuti pa, kumain na muna

tayo para magsilamigan ang maiinit n'yong ulo,” basag ng mama niya sa tensyon sa paligid nila. Nang nasa hapag-kainan na, katabi niya si Joshua at katapat naman si Liesel na katabi ni Monico.

“Kumain ka nang kumain, Liesel.” Panay ang lagay ng kuya niya ng pagkain sa plato ng dalaga.

“Thank you,” nakangiting sagot ng babae na ikinatagis ng mga bagang niya. Hindi niya gusto ang nakikita. Nang lagyan ni Monico ng carrots ang plato ni Liesel, agad niya iyong inilipat sa pinggan niya.

“Hindi siya kumakain n’yan.” Nagtinginan ang lahat sa direksyon niya pati si Joshua. “Ito ang kinakain niya.” Nilagyan niya ng repolyo at kalabasa ang plato ni Liesel at saka isang hiwa ng karne. “Kumain ka na.”

“Ah, Joshua, kumain ka na din, hija. Masarap ang hinain ko. Alam kong paborito mo ang mga iyan, kaya ’yan ang ipinaluto ko kay Dina.”

Halata ni Monjover na nate-tense na rin ang kanyang ina sa sitwasyon, pero wala siyang balak magpaliwanag.



Nasa garden sila ngayong lahat para magpahangin. Kanina pa naiilang si Joshua at pakiramdam niya ay wala naman siyang papel sa

pamilyang ito. Pakiramdam niya, sampid lang siya at hindi talaga siya komportable. Gusto na niyang umuwi kaso kabastusan naman kung gagawin niya iyon basta.

“Umiinom ka ba, Joss?” tanong ni Monjour sa kanya.

“Ah! Opo, Kuya. Konti.” Ngumiti siya.

“Tatagayan kita ha?”

Tumango si Joshua. Agad naman nitong sinalinan ang kopita niya. Napakabango ng alak, tiningnan niya kung ano ang flavor at bakit ang sarap sa ilong. Apple flavor pala.

Inumin na sana niya ang alak nang may makita siya sa unahan. Ang kanyang asawa at si Liesel, parehong nakangiti habang nag-uusap.

May kirot sa puso ni Joss habang nakatingin sa dalawa. Ni minsan hindi niya nakitang ngumiti nang ganoon sa kanya si Monjover. Lagi lang itong magkasalubong ang mga kilay at galit kapag kaharap niya.

Sa sitwasyong ito, parang siya ang bisita at si Liesel ang asawa.

“Ayos ka lang, Joss?” untag sa kanya ni Monico, “Masyado ka yatang tahimik.”

Umiiling na sinimsim niya ang alak sa hawak

niyang kopita. “Wala, Kuya. Napapaisip lang ako kung ano kaya ang buhay ko ngayon kung hindi si Jover ang napangasawa ko. At ano kaya ang buhay ni Monjover kung hindi ako ang naging asawa niya?” Napatingin siya sa dereksyon nito. “Ganyan kayang sigla ang lagi n’yong makikita sa mukha niya? Ganyan kaya siya kasaya parati?” malungkot niyang saad.

Naramdaman niyang biglang nag-atubili si Monico kung hahawakan ba siya o tititigan lang at hahayaang mag-drama habang umiinom ng alak.

Gusto na niyang umiyak sa sobrang lungkot na nararamdaman. Habang tumatagal ay kusa niyang nakikita ang pait ng buhay sa piling ng asawa.

Kaysa intindihi ang ka-sweet-an ng dalawa, tinungga agad niya ang pangalawang salin ng alak na hiningi niya kay Monico. Parang gusto niyang maglasing.

“Pahingi pa ulit ako, Kuya,” hingi niya ulit matapos maubos ang laman ng kopita.

“Oy, kalma, Joss, baka naman malasing ka n’yan,” saway nito.

Naglakad si Monjover patungo sa direksyon nilang dalawa ni Monico. Magkasalubong ang mga kilay nito na animo galit.

Hah! Siya pa galit.

“Baka lasing ka na, Joss. Ihahatid na kita.” Akmang hahawakan nito ang braso niya pero agad niya iyong iniwas.

“Hindi pa naman ako lasing. Kaya ko pang umuwing mag-isa, bigyan mo na lang ako ng pamasahe. Ayaw ko naman na maputol ang reunion n’yo kaya uuwi na ako.” Pilit ang ngiting ibinigay niya rito.

“Mag-uusap lang kami ng asawa ko, Kuya,” matigas nitong sabi sa kapatid.

“Okay, take your time. Siguro nga kailangan n’yo ’yun.” Tinapik nito ang braso ni Monjover saka bumaling sa kanya. “Kung may kailangan ka, Joss, huwag kang mag-atubiling lumapit sa ’kin.” Saka lang ito tuluyang umalis.

Nang tuluyang makaalis si Monico ay saka naman siya hinarap ni Monjover.

“Hindi tayo pumunta dito para magpakalasing ka. Wala tayo sa bar, nandito tayo sa bahay ng pamilya ko.” Mahina lang ang boses nito pero may diin sa bawat salita.

Gusto niyang matawa sa pinagsasabi ng lalaki. “Kung gusto mong maglasing, huwag dito. Kung gusto mong umuwi na, ihahatid kita.”

“Alam mo, Mon ang galing mo talaga. Hindi mo naman pala ako kailangan dito.” Tabingi siyang ngumiti. “Tapos, ’yung pag-inom ko sinisita mo na para bang nag-iskandalo ako dito. Ikaw nga eh! Tingnan mo nga ’yang mga pinaggagawa mo sa ’kin? Nakikipaglandian ka sa iba sa harapan ng pamilya mo. Wala ka na talagang pinatawad.” Dahil din siguro sa kaunting alak na nainom kaya malakas ang loob niyang sumbatan ang asawa. “Uuwi na ako, mag-stay ka na lang dito. Bigyan mo na lang ako ng pamasahe.”

Nakipagsukatan pa ito ng tingin sa kanya bago humugot ng pera sa wallet at inabot agad sa kanya.

“Salamat.” Ganoon ito kadaling kausap, hindi man lang siya nito pinigilan. “Ma, Pa, uuwi na po ako. May dapat din kasi akong tapusin sa bahay kaya mauuna na po ako,” magalang niyang sabi sa mga in-laws niya.

“Hija, ayos ka lang ba talaga?” nag-aalalang tanong ng ginang.

“Opo, ayos lang ako, Ma.”

“Pasensya ka na sa anak namin, Joshua,” hinging paumanhin naman ng asawa nito.

“Wala pong problema. Pa’no po, aalis na ako,” paalam niya.

“Hatid na kita, Joss.” Biglang tumayo si Monico at sumabay sa lakad niya.

“Huwag na, ayos lang ako.”

“Sige na, para mas safe.” Hinawakan nito ang kamay niya at iginiya siya palabas. “Dito na muna kami, ihahatid ko lang ang asawa mo.” Nakita niya ang tagisan ng titig nito at ni Monjover. “Lika na, Joss.”

Agad naman siyang sumunod.

Hindi siya nagpahatid sa bahay nila ni Monjover, sa halip ay sa bahay ng kanyang mga magulang.

“Maraming salamat po, Kuya,” aniya.

“Mas mabuting dito ka na muna. Wala ka kasing kasama doon sa inyo, nag-aalala akong baka mapaano ka pa. Pasensya ka na talaga kay Jover, tsk! Hindi ko maintindihan kung bakit ka niya ginaganyan.”

Kahit bad boy ang image nito, alam niyang may parte sa pagkatao ni Monico na mabait at maalaga. Kahit noon ay nakikita ni Joss ang bagay na iyon, sa pagturing nito sa kanya at sa ina nito.

“Balewala naman ’yun sa ’kin.”

“Mabait naman ang bunso kung kapatid, Joss. Sa katunayan, sa ’yo lang siya ganyan. Pero hayaan mo, magigising din ’yan siya katagalan, huwag mo

lang sukuan,” nakangiti nitong saad.

“Opo, Kuya. Sige po, bumalik na kayo d’un at baka hinahanap na kayo nina Mama at Papa.”

“Sige. Bukas ka na lang umuwi sa bahay n’yo ni Jover. Pahinga ka na, Joss.” Sumakay na ito sa kotse nito at pinatakbo na iyon.

Hindi alam ni Joss kung hanggang saan ang tapang niya para ipaglaban ang pag-ibig para kay Monjover. Siguro mapapagod din siya. Hindi man sa ngayon, baka bukas o sa mga susunod na araw pa.



Isang linggo na ang nakalipas mula noong gabing kumain sila sa mansyon ng Maniquis, at ngayon nga ay wala pa rin pagbabago sa samahan nila ni Monjover. She was still his slave—maid, hardinera, labandera, at iba pa. Pero hindi siya asawa.

Sinipat niya ang malaking wall clock. Alas onse y medya na at wala pa rin ito. Saan na naman kaya iyon nagpunta ngayon? Nakakapagod na ding maghintay sa taong hindi mo alam kung dapat pa bang hintayin. Kahit sinasabi ng isipan niya na tumigil na siya sa paghihintay, ayaw namang magpaawaat ng kanyang puso na gusto pa rin itong hintayin. Maghihintay pa rin siya ng treinta minutos saka aakyat sa sariling silid para matulog.

Bigla namang tumunog ang telepono. Tinakbo niya iyon para masagot.

“Hello?” anang nasa kabilang linya bago pa siya makapagsalita. Si Liesel ang may-ari ng malambing na boses na iyon, sigurado siya. “Jover?”

“H-hello.” Sinadya niyang ibahin ang boses para hindi siya ma-recognize ng babae. “Wala pa po si Sir.”

“Naiwan niya kasi dito sa bahay ’yung phone niya. Nasa biyahe pa lang siguro. Okay, I will call later na lang. ’Bye.” Iyon lang at tinapos na nito ang tawag.

So kaya wala pa ang asawa ngayon ay dahil kasama nito ang babaeng iyon kanina?

Naninikip bigla ang dibdib ni Joss kaya huminga siya nang malalim.

Mayamaya lang, ugong ng sasakyan ang narinig niya, agad siyang tumakbo para salubungin ang asawa.

“Saan ka galing?” agad niyang tanong nang nasa tapat na niya ito.

“Why do you care?” balewala nitong sagot.

“Asawa mo ako kaya may pakialam ako.”

“Kung gan’un, sinasabi ko sa ’yong itigil mo na ang sinasabi mong may pakialam ka. Dahil kahit kailan, hindi kita binigyan ng karapatan para

pakialaman ako.” Bahagya siyang nasaktan.

“May karapatan ako dahil asawa kita, kasal ka sa ’kin. ’Yun ang karapatan ko!”

“Kasal ako sa ’yo sa *papel*, Joss! But never in my soul, neither in my heart. Kaya puwede ba tigilan mo na ang kahibangan mo?” galit nitong singhal.

“Sino ang kasama mo at saan kayo nagpunta?”

“Wala kang pakialam sa bagay na iyon.” Akmang tatalikod na naman ito sa kanya.

“Tumawag si Liesel. Siya ba ang kasama mo? Saan naman kayo nagpunta? Nag-sex na ba kayo? Mas masarap ba siya kaysa sa ’kin o sa iba mo pang babae? Ano ba’ng meron sa kanya na wala sa ’kin?” Pilit niyang pinahihinahon ang boses, kahit ang totoo, gustong-gusto na niyang magwala.

“Watch your mouth!” Nagtatagis na ang bagang ni Monjover dahil sa galit. Pero wala na siyang pakialam, galit na din siya at ikamamatay niya ang galit na iyon kapag hindi niya nailabas. “Hindi gan’ung klaseng babae si Liesel!”

“Bakit? Anong klaseng babae ba siya para sabihin mong naiiba siya sa iba mong naging babae?”

“Malayung-malayo siya sa ’yo, Joss, at malayung-malayo siya sa iba. Kaya huwag mo siyang pagsasalitaan nang ganyan,” sigaw nito.

“May matino bang babaeng papatol sa lalaking alam niyang may asawa na?” asik niya din. Hindi na niya kaya ang sakit na nararamdaman.

“Bakit ikaw, Joss? Matino ka ba? May matino bang babae na kayang gawin ang lahat maitali lang ang lalaki sa kanya?”

“Oo! Sa palagay ko, matino ako. Dahil hindi ako pumatol sa lalaking may asawa na. Alam kong minsan nagkamali ako sa ginawa ko sa 'yo noon. Pero hindi iyon sapat na dahilan para isipin ko sa sarili ko na hindi ako matinong babae! Ikaw lang ang minahal ko. Mahal kita kaya kahit anong pananakit mo, hindi ko nagawang magloko. Kaya masasabi ko pa ding matino ako. I am faithful despite of all the heartaches you've given me!”

“Then, bravo! Tapos na ang usapan. Aakyat na ako.”

“Maghiwalay na tayo, Mon. Mag-file na tayo ng annulment,” desidido niyang sambit.

Nakita niyang gumuhit bigla ang pagkabahala sa mukha ng kaharap pero saglit lang iyon. “File it yourself. Pati ba naman sa bagay na iyan, gusto mo pang ako ang gumawa? Kung gusto mong makipaghiwalay, go ahead! I wont stop you.” Iyon lang at umalis na ito sa harapan niya.

Naiwan na naman si Joss na umiiyak. Hanggang kailan niya ba mapaninindigan ang mga salitang iyon. Hanggang salita lang siya pero hindi naman niya kayang makipaghiwalay.

Humahagulgol na si Joss sa sobrang sakit na nararamdaman. Ilang beses nang ipinapamukha ng asawa niya na wala itong pakialam kahit umalis pa siya sa buhay nito, pero hindi niya alam sa sarili kung bakit hindi niya magawang palayain ito.

“Ang tanga mo, Joss. Napakatanga mo.”



Kinabukasan, naabutan ni Joshua ang asawa na kumakain sa kusina. Gusto man niyang pumasok doon para magpakulo ng tubig ay hindi niya ginawa. Mamaya na lang niya iyon gagawin kapag nakaalis na ito.

Dumerecho siya sa hardin para diligan ang mga tanim niya at walisin ang mga tuyong dahon sa lupa. Bata pa lang ay pagtatanim na ang gusto niyang gawin. Kapag masama ang loob niya noon sa mga magulang at kapatid ay dinadaan niya sa pagtatanim ang inis o kaya, kakausapin niya ang mga bulaklak. Sa ganoong paraan, gumagaan ang pakiramdam niya kahit papaano.

“Baleleng, bakit ka na naman namamatay?”

aniya sa paborito niyang daisy. “Di ba, inoperahan na kita n’ung nakaraang araw at maayos na ang lagay mo? Bakit baleleng ka na naman?” Iyon ang pangalan nito dahil nga lagi itong nababali at namamatay.

“Hindi ka ba komportable sa kinalalagyan mo? Bakit naman hindi? Hayaan mo, ooperahan ulit kita ’tapos ihihiwalay kita sa kanila. Siguro lagi ka nilang inaaway, baleleng.” Kung may makakakita siguro sa kanya ngayon, mapagkakamalan siyang baliw! Pero hindi niya na problema ang iniisip ng ibang tao sa kanya.

“Nahihirapan ka na ba sa sitwasyon mo, baleleng? Ang hirap talaga kapag hindi ka komportable sa kinalalagyan mo. Kahit ilang beses mo pang ayusin ang sarili mo, mamamatay ka nang paulit-ulit dahil sa totoo lang, pinipilit mo lang namang mabuhay dahil inaayos ka. Pero ang totoo, matagal ka na talagang patay. Ramdam na ramdam kita, baleleng.” Parang si Joss, pinipilit lang niyang ayusin ang sarili, kahit ang totoo ay matagal na siyang patay. Ilang saglit lang niyang inayos ang halaman at tinalian ang bulaklak na lumaylay.

“Oh! Maayos ka na. Paliliguan kita para mapreskuhan ka. Hindi na kita isasama sa kanila;

ihihawalay kita para maging komportable ka.” Inilagay niya ang munting bulaklak sa gilid.

Parang bulaklak na namamatay kapag hindi komportable sa kapaligiran, siya naman bilang tao, namamatay dahil pakiramdam niya ay hindi siya nararapat sa lugar kung nasaan siya.

Nilingon ni Joss ang bahay na tinitirhan. Ni minsan hindi niya naramdaman na isa siya sa may-ari niyon. Isa lang siyang tau-tauhan doon.

Malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya. Pero biglang nahagip ng paningin niya ang bulto ni Monjover na mukhang kanina pa nakatayo roon. Saglit lang niya itong tiningnan saka ipinagpatuloy ang ginagawang pagdidilig. Simula ngayon, hindi na siya makikialam para hindi siya masaktan.

5



Kanina pa niya tinititigan ang mga papeles pero hanggang ngayon, wala pa rin siyang maintindihan sa mga binabasa. Nandito sa opisina ang katawan ni Monjover pero na kay Joshua naman ang buong isip niya. Matapos ang matinding pagtatalo nila nang nakaraang gabi, nahalata niyang iniwasan na siya ng asawa. Dapat ikatuwa niya iyon, pero kabaligtaran ang nararamdaman niya ngayon.

Noon kahit mag-away pa sila nang sobra, kinabukasan ay gumagawa si Joss ng paraan para kausapin siya. Pero hindi kanina.

Nang makita siya sa kusina ay agad itong umatras. Bahagya siyang nadismaya sa ikinikilos nito kaya sinundan niya ito hanggang sa makita niya ito sa hardin at kinakausap ang bulaklak na tinawag pa nitong ‘baleleng.’ Medyo weird pero parang kinurot ang puso niya nang marinig ang sinabi nito sa bulaklak.

“Hindi ka ba komportable sa kinalalagyan mo?”

Bakit naman hindi? Hayaan mo, ooperahan ulit kita 'tapos ihihiwalay kita sa kanila. Siguro lagi ka nilang inaaway, baleleng."

He felt sorry for Joshua, kasi alam niyang lagi niya itong nasasaktan. At madalas, sinasadya niya ang mga bagay na ikinasasakit nito.

Malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Monjover. Minsan kinakain siya ng konsensya sa mga pinaggagagawa niya sa asawa. Pero kapag naaalala niya kung paano tinakot ng pamilya nito ang mga magulang niya para lang magpakasal sila, bumubugso ulit ang galit niya rito.

Hindi mahirap mahalin si Joshua; sa katunayan ay minahal naman niya ito noon hindi nga lang sobra. Pero minahal niya ito, hindi sila magtatagal nang tatlong taon noon kung hindi niya ito totoong minahal. Nakipaghiwalay nga lang siya matapos ang school year dahil hindi pa siya sigurado sa damdamin niya noon at ayaw naman niya itong masaktan sa pagiging undecided niya. So pinili na lang niyang makipaghiwalay kaysa saktan ito nang sobra.

Kaya sobra ang galit niya nang gabing nasa motel sila at nalaman niyang pinlano nito ang pagpikot sa kanya. Biglang bumaba ang tingin niya sa babaeng

hinangaan niya nang sobra-sobra. Dahil hindi lang ito maganda at seksi, matalino pa. Kumbaga complete package si Joss para sa kahit sinong lalaki at hindi niya matanggap na ibinaba nito ang sarili dahil sa walang katuturan nitong paghihiganti. Iyon ang ikinagalit niya rito.

“Ang lalim naman yata ng iniisip mo, bro.” Boses ni Monjour ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

“May iniisip lang ako, Kuya,” tugon ni Monjover. “Bakit ka nandito, ano’ng sadya mo?”

“Wala naman, gusto lang kitang kumustahin. Kumusta si Joshua?”

Hindi niya alam kung dapat pa ba niya iyong sagutin. Oo, mag-asawa sila pero ni minsan, hindi niya inalam kung maayos ba ito o hindi.

“Maayos lang naman siguro,” tanging sagot ni Monjover.

“Hindi mo man lang ba tinatanong nang personal ang asawa mo?” nakangiti nitong usisa.

Hindi niya ulit alam kung ano ang isasagot kaya nagkibit-balikat lang siya.

“Alam mo, Jover, napakasuwerte mo sa asawa mo. Alam mo man lang ba iyon? Naku! Malamang hindi.” Nagsalubong ang mga kilay niya. “Joshua is so madly in love with you na kahit anong sakit

ang binibigay mo sa kanya, sinusuklian niya pa rin ng pagmamahal at malawak na pang-unawa. Alam mo bang endangered species na ang mga ganyang babae ngayon? Ito pa ang isa, ginagawa ni Joshua ang lahat para mahalín mo siya—pagsasaing, pagluluto ng ulam n’yo, pag-aalaga sa ’yo, at marami pang iba na daig na nga niya ang katulong. Pero lahat ng iyon, balewala sa ’yo. Sa lahat ng ginagawa niyang effort, bulag ka at kahit minsan hindi mo siya na-appreciate! Baka kapag sumuko ’yan sa ’yo, saka ka lang magsisi. Wala pa namang pagsisisi na nauuna. Kapag binitawan mo ’yang si Joshua, ’tol, ang daming lalaking magpapasalamat sa ’yo.”

“Why are you telling me this?”

Nagkibit ng balik at kapatid. “Wala! I just want you to realize how precious your wife is. At ayaw ko lang na dumating ang araw na magsisi ka sa lahat ng maling ginawa mo. That’s just a big bro advice, nasa sa ’yo naman kung susundin mo o hindi.” Tumayo na ito. “That’s all, ’bye. Lunch time na. Balak talaga kitang yayaing mag-lunch kaso nagbago na ang isip ko kaya ’bye.” Dere-derecho itong lumabas ng kanyang opisina.

Hindi niya ma-pinpoint kung ano ang sinasabi ng Kuya Monjour niya. Sana makita niya ang mga

bagay at katangiang nakikita ng pamilya niya sa kanyang asawa. Kaso duda siya sa bagay na iyon.

Iniligpit na lang niya ang nagkalat na papel sa mesa at nagdesisyong sa bahay na kakain ng tanghalian.



Pinili ni Joshua na maligo sa swimming pool kahit na napakainit at tirik na tirik ang araw. Nakabra at shorts lang siya kasi siya lang naman mag-isa sa bahay. Wala silang katulong at hardinero o ano pa.

Kanina pa siya pabalik-balik sa paglangoy, pero hindi pa rin siya kuntento. Isa ang swimming sa pangtanggap ng stress para sa kanya, at dahil pakiramdam niya ay stressed pa rin siya kaya hindi siya tumitigil sa paglangoy. Nakapagluto naman na siya ng ulam at kanin niya kanina.

Ano'ng oras na ba? Bakit parang kumakalam na ang tiyan ko? tanong niya sa sarili habang hinihimas ang tiyan.

“Isang round na lang. Aahon na ako ’tapos kakain.” Agad siyang tumalon sa tubig at lumangoy.

Hindi niya alam kung ilang oras niyang inilublob sa ilalim ang katawan, at ilang oras siyang nagpabalik-balik ng langoy. Pero muntik na siyang malunod nang sa pag-ahon ay nakita niyang parang

kapreng nakatayo si Monjover sa gilid ng pool.

“Aahh! Akala ko sino,” gulat niyang sambit habang hawak ang tapat ng dibdib. Muntik nang lumabas ang puso niya sa sobrang kaba. “Ba’t ka ba nanggugulat?”

“Dito ako kakain.” Iyon lang at binirahan na nito ng alis.

“Eh di wow!” bulong ni Joss.

Agad siyang umahon sa tubig at sumunod dito. Nalimutan niyang maghanda ng tuwalya kaya hindi niya napatuyo at matatabunan ang sarili. Magma-mop na lang siya mamaya. Gusto na niyang derechuhin ang hagdan pero ayaw naman niyang lagpasan si Monjover kaya sinundan niya lang ang bawat hakbang ng asawa. Saka na lang siya tatakbo paakyat kapag nasa tapat na siya ng hagdan.

Pero bago pa siya makarating sa tapat ng hagdan ay bigla itong huminto at nilingon siya.

“Bakit ganyan pa rin ang suot mo?” Magkasalubong ang mga kilay nito. Alam niyang masakit siya sa mata para sa asawa kaya sinikap niyang takpan ang sarili ng dalawang kamay.

“W-wala kasi akong dalang tuwalya kaya tatakbo na lang ako paakyat,” nahihiya niyang sambit.

“Ah, g-ganun ba? Sige na, dalian mo, sabay

na tayong kumain.” Bahagya siyang nagulat sa sinabi ni Monjover. May sakit ba ito kaya biglang nagkaganito? Ayaw nitong kasabay siya sa pagkain, daig pa niya ang katulong noon kung ituring nito. Bakit ngayon...?

“S-sige.” Nagtataka man ay hindi na lang iyon binigyang-pansin ni Joss. Nilagpasan niya ito para makapanhik na at makapagbihis.



Ngayon lang niya na-appreciate ang kahubdan ng asawa. Nakikita naman ni Monjover ang katawan nito kapag may nangyayari sa kanila pero hindi niya iyon binibigyang-pansin dahil naka-focus siya sa init na gusto niyang ilabas. Pero ngayon lang niya nakita ang asawa sa ganoong ayos. He could see the perfect shape of breasts... na hula niya ay nasa 36-C, at ang baywang nitong kaya niyang sukatin sa dalawang palad. Ang suot nitong shorts ay humuhulma sa bilugan nitong pang-upo at mga hitang malaman. She was so damn sexy. At ngayon lang niya na-realize ang bagay na iyon. Alam niyang pinagpala ang asawa—mula sa sopistikada nitong mukha na parang nililok ng isang magaling na iskultor, at ang perpektong hubog ng katawan. And she has brains, too.

Naalala niya ang hitsura ni Joss kanina, ang bra nitong hindi kinayang tabunan ang pinagpala nitong hinaharap. Biglang nanuyo ang lalamunan ni Monjover. Napalinging siya sa may hagdanan. Nang maringgang pababa na ang babae, agad siyang pumasok sa kusina at umupo sa harap ng dining table. Hinayaan niyang maghanda ang babae ng makakain nila.

“Nakaluto ka na pala?” Kailangan niyang magsalita para hindi awkward. Ngayon lang niya niyaya ang asawa na sabayan siya sa pagkain.

“Hmm,” tango nito.

“Ah...” Wala siyang maisip na sabihin.

Nang matapos itong maghanda ay agad siyang kumuha ng kanin. Iniisip niyang sandukan na rin sana si Joss pero pinigil niya ang sarili. Baka bigla itong mailang. Hindi pa niya iyon ginawa mula noong magpakasal sila.

Tinitigan niya ang kaharap; ang laki na nga pala ng ipinayat nito. Noon ay mas cute ito dahil medyo may pagka-chubby ang mga pisngi. Ngayon lang niya napansin na medyo hapis na ang mukha ng asawa.

“K’ain ka na,” mahinang aya nito saka nagsimulang sumubo ng pagkain.

“Sige.”

Natapos silang kumain nang hindi man lang nag-iimikan. Sanay naman siya. Noon nga mas gusto pa niyang huwag siyang imikin nito. Pero naninibago siya ngayon.

Nang biglang tumunog ang landline, agad iyong sinagot ni Joshua. Tinitigan niya ito habang nagsasalita sa kabilang linya.

Oo nga, hindi ko man lang napansin na pumayat siya, aniya sa sarili.

“Si Liesel, nasa kabilang linya.” Iyon lang at umalis agad si Joshua sa harapan niya at ipinagpatuloy ang paghuhugas ng pinggan.

Agad niyang kinuha ang telepono para sagutin ang babae sa kabilang linya. Tumawag pala ito sa opisina dahil hindi siya sumasagot sa cellphone. Doon nito nalaman na umuwi siya sa bahay. Niyayaya siya nito na mag-lunch sa labas.

Sinabi niyang kumain na siya at bukas na lang sila mag-lunch nang sabay. Tiningnan niya ulit ang likod ni Joshua saka nagpasyang bumalik na sa trabaho.

Ramdam niyang iniwasan siya ng babae, at hindi niya nagugustuhan ang trato nito sa kanya ngayon.

Bahagya siyang nagulat nang gabing nagkasagutan sila nang bigla nitong sinabi na maghiwalay na sila at mag-file ng annulment. Hindi man niya pinahalata, naapektuhan siya niyon.

“Hmm.” Hindi niya alam kung ano ba ang ibig sabihin ng nararamdaman niya ngayon kaya ipinasya na lang niyang bumalik sa opisina at problemahin ang mga papeles na nakakainis basahin.



Nagpasya si Joshua na umuwi na muna sa pamilya niya kahit tatlong araw lang. Nag-text na siya kanina kay Monjover na uuwi siya sa bahay nila at sa susunod na araw na lang babalik. Mukhang wala naman itong pakialam dahil kaninang umaga pa siya nag-text dito pero tanghali na ay wala man lang itong reply kahit tuldok.

Umasa ka pa sa reply n'un. Baka nga mag-celebrate pa 'yun kasi hindi ka niya makikita nang ilang araw, sulsol ng demonyo niyang isipan.

Kadarating niya lang sa bahay nila at tahimik na doon kasi nasa kanya-kanyang trabaho ang mga kapatid at ang dalawa naman niyang kuya ay naghahanap ng puwesto para makapagsimula ng maliit na negosyo. Tanging ang Mamay lang nila ang naiwan doon.

“Bakit naman tatlong araw ka dito? Nakapagpaalam ka ba sa asawa mo?” Tumango siya. “Ah! Mabuti’t pinayagan ka ni Monjover.”

Baka nga hanggang tainga pa ang ngiti n’un ngayon! Hindi niya na lang isinatinig iyon. Ayaw niyang sirain ang asawa sa pamilya niya.

Tumabi si Joss sa kinahihigaan ng ina at niyakap ito na parang batang naglalambing. “May, kapag ba nakipaghiwalay ang babae sa asawa nilang lalaki, masama na ba ang tingin ng mga tao n’un sa kanya?” pasaring niya. “Yung kaibigan ko kasing si Sandy, namomroblema siya sa asawa at gusto na niyang makipaghiwalay. Siyempre hindi ko naman alam kung ano ang ia-advise sa kanya kaya ikaw ang tinatanong ko.” Hindi niya alam kung tunog-defensive ba siya, pero bahala na.

“Bakit ka naman magiging masama sa mata ng mga tao? Bakit alam ba nila ang paghihirap mo? Alam ba ni—”

“May, uulitin ko, hindi po ako ’yan. Kaya huwag mong gamitin ang ‘ka’ na parang ako ’yung tinutukoy mo. Maayos po kami ni Monjover... sobra.”

“Oo na, example lang naman ’yun.”

“Ahh! Okay.” Alanganin siyang tumawa.

“Sabihin mo sa kaibigan mo na kung hindi na

siya masaya sa nangyayari sa buhay niya, umalis na siya. May lalaki pang kayang magbigay ng kaligayahang hindi niya natikman sa asawa niya. Puwedeng-puwede siyang umalis, at walang pipigil sa kanya kung talagang hindi na siya masaya sa asawa niya. Palayain niya ang sarili niya at huwag isipin ang sasabihin ng ibang tao. Walang ibang nakakaalam sa paghihirap mo kundi ikaw lang. Kaya kahit ano pa'ng sabihin ng iba, naku kiber! Buhay mo 'yan. Ikaw ang masusunod. Ikaw ang writer at direktor ng sarili mong buhay. 'Yun ang sabihin mo kay Sandy na kaibigan mo, anak."

Natulala si Joshua. Gusto niyang maiyak at sabihing hirap na hirap na siya at hindi na niya kaya pang pasanin ang pagpapahirap ni Monjover sa kanya. Pero hindi niya magawa.

"H-hayaan mo, May. 'Makakarating ang advice mo na 'yan kay Sandy." Mahigpit na yumakap siya sa ina.

Alam niyang may duda sa paraan ng tingin nito sa kanya pero ayaw niyang umamin dito.

"I love you, 'May," sambit niya habang nakasubsob sa dibdib ng ina.

"I love you too, bunso." Mahigpit din siyang niyakap nito.



Madilim ang bahay nang umuwi si Monjover, at parang ang bigat niyon sa pakiramdam. Tila ayaw niyang pumasok sa loob.

Napatingin siya sa may pintuan at parang isang kikap-matang nakita niya si Joshua na hinihintay siya habang nakangiti. Wala sa sariling napangiti din siya. Pero bigla itong nawala.

Ganito noon si Joshua; hinihintay siya kahit gabing-gabi na at walang kasiguraduhan na uuwi pa ba siya o hindi na. Hindi niya alam kung bakit bigla niyang hinanap ang presensya ng asawa. Nasanay lang siguro siyang laging may tao ang bahay niya sa loob nang dalawang taon.

Kaysa isipin nang isipin si Joss, nagpasya siyang pumasok sa bahay at agad binuksan ang mga ilaw. Pakiramdam niya ay naso-suffocate siya kahit ang laki naman ng bahay. Dalawang araw pa lang nawawala si Joshua pero pakiramdam niya ay taon na ang lumipas.

Naiiling si Monjover. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Dapat ay masaya siya dahil pinaparamdam na ni Joshua ang malapit na nitong pag-alis sa buhay niya. Iyon naman ang matagal na niyang gusto, ang sukuan siya ng babae. Pero bakit ganito ang

nararamdaman niya ngayon?

Nahihibang ka na, sabi ng isip niya.



“Anong oras ba ang uwi mo sa inyo, bunso?”
tanong ng Kuya JM niya.

“Mamaya po, Kuya,” walang ganang sagot ni Joss.

Kung puwede nga lang huwag na siyang umuwi sa bahay na iyon. Kaso hindi puwede.

“Yung totoo, gusto mo pa bang umuwi sa bahay n’yo?” Nagulat siya sa tanong na iyon ni Jake kaya di agad nakasagot. “Umuwi ka na mamayang gabi, ako na maghahatid sa ’yo,” pinal nitong sambit.

“Kaya ko namang umuw—”

Hindi niya naituloy ang gustong sabihin nang biglang sumabat ang Kuya Calvin niya.

“Sissy, si hubby mo nandirech,” kinikilig nitong sambit.

“Ano daw?” Hindi niya masyadong naintindihan ang sinabi nito.

“Good morning po.”

Nagulat si Joshua sa baritonong boses na iyon ng asawa. Marahas siyang napaligon sa gawi nito. Ano ang ginagawa nito sa pamamahay nila?

“Oh! Bayaw, ikaw pala ’yan. Tuloy ka,” masayang salubong dito ng mga kuya niya.

“Nandito po ako para sunduin si Joshua,” nakangiting sambit nito na bigla niyang ikinairita.

Ano ang dahilan para sunduin pa siya nito? Siguro dahil wala na itong ‘taga’ sa malaking bahay.

“Ah, gan’un ba. Balak sana namin na mamayang gabi na ihatid itong si bunso. Tatal nandito ka na rin naman, tuloy ka na muna. Minsan ka lang magawi sa lugar namin. Ito yata ang unang beses,” anang Kuya Jake niya na agad itong pinapasok.

“Oo, pasensya na. Sobrang busy kasi,” pagdadahilan pa ni Monjover na ikinaangat ng kilay ni Joshua, pero hindi niya pinahalata.

“Uuwi na kami, mga kuya, tatal nandito na ang a-asawa ko,” aniya.

“Huwag muna! Isang himala ang magawi ang asawa mo dito, tapos magmamadali pa kayong uuwi? Lahat ng kapatid mo mag-o-off! Di ba, mga ’tol?”

“Huh?” alanganing sambit nina JM at Calvin.

“Hindi kami magbubukas ng tindahan ni Claire, kaya mag-off kayong dalawa. Minsan lang ’to. Once in a blue moon. Napadpad kasi dito si bayaw,” patuloy ng panganay nilang kapatid.

“Claire, tawagin mo sina Mamay at Papay. Sabihin mo na nandito si bayaw. Saka bumili ka na din ng... alam mo na ’yun.” Kinindatan pa ni Kuya

Jake ang Kuya Claire niya at agad naman itong kumaripas ng takbo.

Sinubukan pa ni Monjover na pigilan ang mga kapatid niya pero mapilit ang mga ito. Kaya wala siyang nagawa kundi manatiling kasama ito sa bahay nila.



“Bakit ka ba napadpad dito? Buti hindi ka naligaw.” Sinamahan siya ni Monjover sa kusina habang nagluluto. Halatang naiilang ito sa mga kapatid niya kaya nakadikit lagi sa kanya.

“Nagtanung-tanong ako.”

“Dapat hindi ka na nag-abala pa, kaya ko namang umuwi mag-isa.”

Hindi siya sinagot nito kaya pinagpatuloy niya nang tahimik ang kanyang ginagawa. Halata naman na ayaw siya nitong kausap.

Nang matapos na ang lahat ng dapat gawin at nakahanda na ang mesa ay inaya na niya ang lalaki.

“Mabuti naman, Monjover, at nagawi ka dito.” nakangiting komento ng Papay niya.

“Susunduin ko lang po talaga dapat si Joshua, kasi baka mahirapan siyang sumakay pauwi,” magalang nitong paliwanag.

Kung naiba siguro ang sitwasyon, baka nagba-

blush na si Joss at kinikilig ngayon. Pero hindi man lang siya nakaramdam ng saya. Alam naman kasi niya ang totoong dahilan kung bakit siya nito sinusundo. Siguro ay may dadating itong bisita at kailangan na niyang linisin nang bongga ang bahay nito.

“Mabuti naman kung gan’un. Kumain ka nang marami, Mon. Masarap kaming magluto,” pagmamalaki ni Claire na agad tinanguan ng lahat maliban sa kanya.

“Kumain na tayong lahat at magpa-party tayo mamaya,” masayang sabi ni Jake. Alam niyang may inuman na namang magaganap.

Napabuntong-hininga na lang si Joshua. Wala siyang magawa; hindi niya maaring itaboy ang asawa dahil baka magduda pa ang pamilya niya.